

IPINAKIKILALA NG DIYOS
ANG KANYANG SARILI
SA PAMAMAGITAN NG
KANYANG MGA KATANGIAN



Medyo nasorpresa ako nung makita ko ang kaibigan kong, si Joseph Boze, na nariyan, at bumaling ako at naglaan lang ng kaunting sandali para makamayan siya.

² Bumuklat na po tayo ngayon sa Salita ng Diyos, sa Mga Hebreo, sa unang kabanata. Nais kong bumasa, ng ilang bahagi po, sa una, ika-2, at ika-3 talata, para humango ng isang teksto para sa gabing ito.

Ang Dios, na nagsalita nang unang mga panahon sa ating mga magulang sa iba't ibang panahon at sa iba't ibang paraan sa pamamagitan ng mga propeta,

Ay nagsalita sa atin sa mga huling araw na ito sa pamamagitan ng kaniyang Anak, na siyang itinalaga na tagapagmana ng lahat ng mga bagay, na sa pamamagitan naman niya'y ginawa ang sanglibutan;

Palibhasa'y siyang sinag ng kaniyang kaluwalhatian, at tunay na larawan ng kaniyang likas, at umaalalay ng lahat ng mga bagay sa pamamagitan ng salita ng kaniyang kapangyarihan, nang kaniyang magawa . . . ay lumuklok sa kanan ng Karangalan sa kaitaasan;

³ Atin pong iyuko ang ating mga ulo sa mga sandaling ito para sa pananalangin. At ngayon sa Banal Niyang Presensya, kung mayroon po kayong anumang kahilingan na nais n'yong ipabatid sa Kanya, maaari n'yo bang itaas lamang ang inyong kamay, at anuman 'yang kahilingan n'yo, ang Diyos ang . . .

⁴ Makalangit naming Ama, dumudulog po kami ngayon sa harap ng Iyo pong luklukan, sa pananampalataya sa Pangalan ni Jesus Cristo, na Iyong Anak. At kami nga'y napagkalooban nitong katiyakan na ito, na, "Kung hihingi kami ng anuman sa Kanyang Pangalan, ito'y ipagkakaloob." At Iyong nababatid po ang aming mga minimithi at ang aming mga pangangailangan, at Iyo ngang ipinangako na Iyong tutustusan ang lahat ng mga pangangailangan namin. Kaya, Ama, kami nga'y mananalangin katulad ng Iyong pagkakaturo sa amin, "Dumating nawa ang

Kaharian Mo. Gawin nawa ang Iyong kalooban sa lupa, kung paano sa Langit.” Upang ang aming kahilingan, ngayong gabi, ay nakaayon sa Iyong hangarin na maipagkaloob ito, at nawa’y maipagkaloob nga sa amin ang mga pribilehiyong ito. Iyong pahiran ang Salita, Panginoon, at lahat ng mga magsasalita at mga makikinig, at dumating nawa rito ang Espiritu Santo at maging tagapag-tupad ng Salita, ngayong gabi, sa gitna namin. Sapagkat hinihiling namin ito sa Kanyang Pangalan. Amen.

Makakaupo na kayo.

⁵ Bukas na ng umaga, sa intindi ko, ’yung agahan ng Full Gospel Business Men. Kadalasan, sa tuwing may sangay sila sa isang dako, nagkakaroon ako ng pribilehiyo na makapangusap sa agahan nila roon. Hanggang ngayon po, ’yun lang ang nag-iisang organisasyon, na hindi naman organisasyon, kundi, nag-iisang grupo na aking—aking kinabibilangan, itong Christian Business Men po. At ngayon nga’y nakakapangusap ako para sa kanila, sa iba’t ibang panig ng mundo.

⁶ Ngayon, sa gabing ito, umaasa tayong ang pagtitipon natin dito’y hindi mauwi sa walang kabuluhan lang. Naparito po ako sa inyo, na pagod, minamalat ang lalamunan, at may kaunting bronical na nakuha ko dun sa . . .

⁷ Nanggaling po kasi ako ng Tucson kung saan talagang may pagka tuyo sa amin dun, at naparito ako’t talagang may pagka halumigmig dito, kaya malaki po ang pagkakaiba. Kung maaari nga lang na lahat ng halumigmig n’yo rito, kung maipapadala n’yo lang sa gawi namin dun, aba’y laking pasasalamat namin. Pero di n’yo naman puwedeng gawin ’yun, siyempre.

⁸ Pero sasabihin ko nga ito sa inyo, may talinghaga kami dun sa dako roon. Yung lahat kasi nung aming—aming—aming mga hala-halaman dun sa Arizona, ’yung mga punongkahoy namin dun, punung-puno ng makakating dumidikit. May makakating dumidikit ’yung lahat ng mga halaman dun. Yun nga’y dahil sa tuyo roon. Ngayon kung ’yung siya ring halaman na ’yun dun ay patubuin sa dako n’yo rito, mainam at maganda pihado ang magiging dahon nun. Kita n’yo, wala kasi ’yung tubig, ’yun ang dahilan at naging makakati’t dumidikit ’yun.

⁹ At hayan ngang kapag ang iglesya ay nawalan ng Tubig ng Buhay, matutuyo ito’t magiging madikit, din, didikit-dikit at tutusok-tusok sa lahat ng madikitan. Pero sa mga dako kung saan agos-agos ang mga tubig ng Buhay, pabubukahin nun ang dahon at gagawin ’yung malambot, banayad at kalugod-lugod, banal at katanggap-tanggap sa Diyos. Kaya buhusan nawa tayo ng Panginoong Diyos, ngayong gabi, upang hindi tayo maging makakating dumidikit; bagkus tayo’y maging maiinam na mga dahon nang sa gayon ang mga taong naliligaw sa labbayin ay makaupo sa ilalim ng punongkahoy ng ating lilim at sila’y makasumpong ng kapahingahan sa kanilang mga kaluluwa.

¹⁰ Ngayon nais kong talakayin ang isang teksto, sa gabing ito, kung loloobin ng Panginoon, at hinihila ko lang itong maliit na mikropono rito papalapit sa akin kung maaari, dahil sa wala po akong masyadong boses ngayon. Nais kong, mula dun sa binasa natin dito sa Mga Hebreo 1:1, nais kong talakayin ang tekstong: *Ipinakikilala Ng Diyos Ang Kanyang Sarili Sa Pamamagitan Ng Kanyang Mga Katangian*. Uulitin ko lang po uli, dahil alam kong hindi masyadong maganda 'yung dating ng boses ko rito. Ipinakikilala ng Diyos ang Kanyang Sarili sa pamamagitan ng Kanyang mga katangian.

¹¹ Ngayon, halos lahat ng bagay ay nakikilala dahil sa mga katangian ng naturang bagay na 'yun. At may ilan ako ritong mga Kasulatan na nais kong . . . at tala, na nais kong isangguni. Ngayon, ang katangian ng isang bagay ang nagpapakilala kung ano ang bagay na ito.

¹² Ngayon, katulad na lang sa buong kalikasan, nakikilala ang mga bulaklak, kadalasan, sa pamamagitan ng mga katangian nila. Kung may pagkakalapit ang mga bulaklak sa isa't isa, na 'yung isang uri ay halos tulad nung isa, 'yung katangian nung naturang bulaklak na 'yun ang magpapakilala kung ano nga bang bulaklak siya. At maging dun sa mga hayop sa parang, madalas 'yan . . .

¹³ Ako—ako nga'y isang mangangaso. At kailangan kabisado mo talaga ang katangian nung hayop na tinutunton mo, o ang mangyayari nga'y kadalasan malilinlang ka talaga. Katulad na lang, gaya nung dun sa Stone Sheep sa may British Columbia. Ako nga'y sumadya dun sa paanan ng Yukon nitong katatapos lang na taglagas, may ilang mga kapatiran tayo rito ngayon na nakasama ko sa dakong 'yun, at nangangaso kami roon.

¹⁴ Ngayon kung di mo alam ang pagkakaiba, susundan mo ang bakas ng isang tupa o ng isang usa, tapos di mo masasabi ang pagkakaiba 'liban na maalam ka talaga sa pangangaso. Dahil, magkaparehas 'yung naiiwan nilang bakas; palukso-lukso sila kapag tumatakas sila palayo. At kung makakakita ka ng isang nakatayo roon sa di kalayuan, tapos di kita't tago ang ulo nun, aba, di mo—di mo nga malalaman ang pagkakaiba. Magkasing laki kasi sila sa bandang puwitan nila; puti 'yun, tulad dun sa usa. Mahirap ngang makilala kapag ganun. Pero 'yung sungay nun ang mapagkikilanlang katangian nun, sa pamamagitan ng mga sungay na 'yun. Yung sa tupa kasi'y paikot 'yung sungay niya, at 'yung sa usa nama'y pasanga-sanga't nakausli. At isa pa, hindi pumupunta ang usa sa dakong mataas, kapag kakain.

¹⁵ At tapos sa kambing naman, paglalakad, din, haya't may katangian sa isang kambing, at sa isang tupa, na kinakailangan alam mo ang pagkakaiba nilang dalawa, kapag nagawi ka roon sa mataas, dahil pareho silang lumalagi dun sa taas ng bundok. Kailangan alam mo ang pagkakaiba. Dahil mapapansin mo rin

naman 'yun, 'yung—'yung kambing kasi'y para bang may pag-uga 'yung pagtapak niya; samantalang, 'yung sa tupa nama'y tuwid 'yung pagtapak ng paa niya na parang *paganito*, habang naglalakad. Yun 'yung katangian niya nang paggawa ng bakas. Makikilala mo ang tinutunton mong hayop sa pamamagitan ng mga katangiang ikinikilos nito, at kung papaano ito gumalaw, at kung anong kinakain nito, at lahat na. Ipinakikilala nito ang kanyang sarili sa pamamagitan ng katangian nito. At siguro'y gitlain mo 'yung isa, at masdan mo kung anong reaksyon nun, matutukoy mo nga sa paraan ng paggalaw nila. Matutukoy mo sa pamamagitan ng katangiang 'yun kung ibang hayop.

¹⁶ Hayan ding napansin n'yo ba, hindi ko alam kung mayroon kayo rito nun o wala, nung yellowhammer; buweno, flicker ang tamang tawag sa kanila, at 'yung ibong jay. Kasing laki nga halos nung ibong jay 'yung yellowhammer. At kapag makikita n'yo silang dalawa na lumilipad, tila nga magkaparehas na uri ng ibon silang dalawa. Di n'yo man mapansin 'yung kulay, pero kung papanoorin n'yo silang maigi, matutukoy n'yo kung alin dun 'yung yellowhammer. Yung ibong jay kasi kapag lumilipad, talagang halos, nasa tuwid na linya. Pero 'yung yellowhammer, ikinakampay nun 'yung pakpak niya; habang ikinakampay niya 'yung mga pakpak niya, bumababa siya tapos sabay taas, baba sabay taas pagkatapos. Mapapansin n'yo, parang pinapatalbog-talbog niya ang kanyang sarili, na parang *paganito*, at masasabi n'yong katangian talaga 'yun ng isang yellowhammer, 'yung paraan niya ng paglipad nang paganoon.

¹⁷ Kung mapapansin n'yo naman 'yung—'yung pugo sa tuwing kakawala siya sa ere, 'yung paraan niya ng pagtalilis pataas. At sige panoorin n'yo 'yun kapag nasa may latian kayo, kung saan may mga pugo marahil dun, at may—at may labuyo rin. Alam n'yo 'yan mga mangangaso. Yung labuyong Wilson at labuyong jacksnipe, makikilala sila sa pamamagitan ng pagtalilis nila't paraan ng paglipad nila. Nakikilala sila sa pamamagitan ng natatangi nilang paraan ng paglipad, kung anong uri ng ibon sila. Kaya nga, marinig mo lang ang kaluskos nila, masasabi mo kung anong ibon 'yun, dahil sa paraan niya ng pagtalilis, kung ano 'yun, dahil sa natatangi niyang paraan ng paglipad.

¹⁸ Katulad din 'yan sa isang lalaki't isang babae. Kapwa tao naman silang dalawa, subalit may mga katangian ang babae na iba dun sa lalaki. Binabasa ko rito, kamakailan, 'yung tungkol kay Solomon at 'yung reyna. Di ko pa nasusubukang ipangaral 'yang munti kong Mensaheng 'yan dito, sa inyo, 'yang tungkol sa reyna ng Katimugan, na naglakbay upang masaksihan niya si Solomon, at masaksihan ang kaloob niya roon ng pagkilala. Binabasa ko ang tungkol diyan, dito hindi pa katagalan, at sabi nila, dun, "Isa sa mga palaisipang iniharap kay Solomon, ay, 'yung naturang reyna na 'yun ay nagharap ng babae, o mga babae, pala, at binihisan sila na maging ayos-lalaki."

19 Ngayon, kakaiba nga 'yan nung panahon na 'yun noon, pero ngayon ay talagang usong-uso na 'yan, sa ngayon. At—at alam n'yong mali nga 'yan. Sinabi ng Biblia na hindi dapat gawin ng isang babae ang katulad n'yan. “Karumal-dumal para sa isang babae ang magsuot ng pananamit na nauukol sa lalaki.” At Diyos na di-nagbabago ang nagsabi n'yan, kaya totoo 'yan.

20 Kaya hayan na nga't nalaman natin dun si Solomon, wala naman siyang ibang ginawa kundi obserbahan lang sila, kanya silang pinalakad dun o siguro'y may pinagawa na kung ano, at dagli-dagli ang sabi'y, “Aba'y mga babae naman.” Kita n'yo, nagawa nga niyang sabihin 'yun sa pamamagitan ng katangian nung naturang babae, sa paraan ng pagdadala niya sa kanyang sarili, na babae nga siya't hindi lalaki.

21 At halos lahat ng bagay ay may ganung pagkakakilanlan, na nakaayon sa katangian nito. Katulad na lang na may ilang mga tao na kaliwang-kamay ang sanay gamitin, at may ilan na kanang-kamay ang sanay gamitin. Yun ang katangian nila na nakabatay sa paraan nila ng pagdadala nila sa kani-kanilang mga sarili. Matutukoy mo nga kung ang isang tao'y kanan- o kaliwang-kamay ang sanay gamitin, sa paraan nila ng paggawa ng mga bagay-bagay, paraan ng pag-abot nila kung kaliwang kamay o kanang kamay ba ang laging ipinang-aabot.

At alalahanin, si Jesus ay may parang ganyan din, na . . .

22 Yang dalawang kamay na 'yan ay sadyang halos . . . Pareho na pareho sila. Parehong-pareho ang bakas ng hinlalaki, bakas nung mga daliri, may tig-lilimang daliri; hinliliit, hintuturo, at iba pa. Kung anong mga daliri ang nasa kanang kamay ay may ganun ding pareho sa kaliwang kamay, kalimitan, magkasukat pa 'yang kamay, talagang parehong-pareho. At ang natatanging pagkakaiba na mayroon, sa kanila'y, kaliwa 'yung isa't kanan naman 'yung kabila. Yun lang ang natatanging pagkakaiba na matutukoy mo. Kaliwa 'yung isa, kanan naman 'yung isa.

23 Kaya naman sa bagay na 'yan, sinabi ni Jesus . . . siguro'y may babanggitin lang ako ritong isang munting punto. Sinabi ni Jesus, sa Mateo 24, na, “Ang mga katangian ng Espiritu'y magiging halos magkatulad na magkatulad sa huling mga araw, sadyang malapit na malapit na anupa't ililigaw nito pati ang mga hinirang kung maaari.” Kita n'yo, sila nga'y . . .

24 Sige't kunin mo nga ang kamay mo't itaas mo ito. Kita n'yo, kung di n'yo napapansin, 'yung isa'y katulad na katulad dun sa itsura nung kabila, sa lahat ng paraan, subalit kaliwa 'yung isa riyang at kanan naman 'yung kabila.

25 Ganyan na ganyan nga ang mga espiritu sa huling panahon. Sila'y halos magkatulad na magkatulad, pero may katangian sila na siyang magiging pagkakakilanlan nila. Tama 'yung isa, at mali naman 'yung isa, at makikilala ito sa pamamagitan ng katangian nito.

26 Makikilala nga ang Espiritu ng Diyos sa pamamagitan ng katangian Nito. Kita n'yo? Espiritu ng Diyos, at espiritu ng iglesya. May espiritu ng iglesya, at may Espiritu ng Diyos na lubos na walang pagkakatulad sa espiritu ng iglesya, saan man tingnan.

May espiritu ng denominasyon.

27 May espiritu ng bansa. May espiritu sa isang bansa. Bawat bansa, sa tuwing sasadya ako, lalakad ka dun, makakasumpong ka ng ibang espiritu. Nagpunta ako noon sa Finland, sadyang mababait ang mga tao, pero may espiritu ng Finland. Nagpunta ako roon sa Alemanya noon, may espiritu ng Alemanya.

28 Dito nga hindi pa katagalan, kasama ko noon ang asawa ko, nakatira pa kami noon sa Indiana, mga ilang taon na rin ang nakalilipas, nagpunta kami sa isang maliit na pamilihan dun. Kauwi ko lang noon. Sumadya kami't kailangang bumili ng pagkain. At sa daan ko papunta roon, kami'y . . . Tag-init noon, baka di po kayo makapaniwala rito, pero nakakita kami dun ng isang dalagang nakabestida. At sobrang kakaiba nun, ako'y . . . Ikinagulat ko 'yun. Ang—ang sabi ko, “Tumingin ka sa banda roon, mukhang kakaiba nga, nakabihis ng bestida ang babaing 'yun.” Kasi nga 'yung iba dun ay nakasuot ng damit na di . . . di kanais-nais sa babae. At—at sabi nung asawa ko . . . ang sabi ko, “Buweno, ganyan talaga kasi ang espiritu ng Amerika, kita mo, ang espiritu ng Amerika.”

29 Ngayon, espiritu ng Amerika, haya't . . . Cristianong bansa itong maituturing, subalit ang espiritu ng bansang ito'y hindi naman Cristianong espiritu talaga. Marahil Cristianong bansa ang taguri nila rito, pero milyon-milyong milya ang layo nito mula dun, sa katangiang ganun. Kaya, 'yung babaing 'yun, sabi ko tuloy . . .

Sabi nung asawa ko, “Buweno, hindi ba't mga Amerikano naman tayo?”

30 Sabi, sabi ko, “Hindi. Oo't nakatira tayo rito. Bansa natin ito. Dito tayo—tayo—tayo naninirahan. Mahal natin ito. Ito ang pinaka mainam na bansa sa buong daigdig. Pero, sa kabila nun, hindi tayo mga Amerikano.” Sabi ko, “Ipinanganak tayo mula sa Itaas. Bumaba ang Espiritu Santo, at kabahagi tayo sa isang Kaharian. Kaharian na hindi sa sanlibutang ito.” Sabi ko, “Yan ang dahilan kung bakit nagsusuot ang mga kapatiran nating babae ng mga bestida, nagpapahaba ng buhok, di naglalagay ng kolorete sa mukha. Kita mo, 'yang katangian nilang 'yan ang pagkakakilanlan na sila'y 'kabanalan sa Panginoon,' mula sa Kataas-taasan.”

31 Kaya naman, umaasa tayo sa isang Kaharian. Umaasa tayo sa isang Hari na paparating at tatanggapin ang Kanyang mga sakop sa Kanyang Kaharian. At sila'y makikilala sa kanilang—kanilang mga katangian, na ang mga kayamanan nila'y hindi

sa lupang ito rito o sa bansa rito. Kundi doon sa kataas-taasan, sa Kaluwalhatian. Kaya naman, sila, “Inaasahan nila ang isang Bayan Na ang Nagtayo at Gumawa ay ang Diyos.” Sa ganyan nga’y maayos silang napagkikilala.

³² Kung may sapat lang sana akong boses para makapangusap sa susunod na gabi. Pero wala na ako—wala na ako rito n’yan. Ngayon, napagkikilala sa pamamagitan ng mga katangian nito.

³³ Makikita natin dito ang isang magandang halimbawa nung panahon noon na ang Israel, ay pumasok na sa lupang pangako. At tinawag nga sila ng Diyos ayon sa Kanyang pangako. Sinabi Niya kay Abraham na, Kanya ngang. . . ang kanyang binhi ay mapaparoon sa ibang bayan, sa loob ng apatnaraang taon, at pagkatapos ay Kanyang ilalabas siya sa pamamagitan ng isang dakila’t makapangyarihang kamay. At paroroon sila sa isang lupain, na noon pa ma’y, ipinangako na’t, binubukalan ng gatas at pulot. At pagkatapos nung nalalapit na ’yung panahon ng katuparan nung pangakong ’yun, ay siya namang paglitaw ng isang—isang Faraon na di kinikilala ang dakilang ministeryo ni Joseph na ginampanan niya sa kalagitnaan nila.

³⁴ At, dito’y, nagbangon ang Diyos ng isang propetang ang pangalan ay Moises. At ang binatang ito’y inaralan sa lahat na ng karunungan ng mga taga-Egipto. Di mapapasubaliang siya’y dalubhasa talaga, matalino, intelektuwal na binata, haya’t may kakayahan siyang magturo sa mga taga-Egipto ng karunungan. Kung titingnan nga’y angkop—bagay na bagay ang binatang ito para magligtas.

³⁵ Pero, kita n’yo, ’yung tinatawag nating pagliligtas, at ’yung tinatawag ng Diyos na pagliligtas, ay magkaibang-magkaiba.

³⁶ Ngayon pagmasdan n’yo nga ang binatang ito na taglay ang lahat ng etika niyang ’yun dun. Batid niyang isinilang siya para iligtas ang mga anak ni Israel. Subalit, gayong ginamit na niya ang lahat niyang napag-aralan, ’yung lahat ng nalalaman niya, at maging ’yung pagkabatid na siya ang tinawag ng Diyos para isagawa ang bagay na ’yun, gayong nasa kanya na ang lahat ng ’yun. . . May Batsilyer sa Sining siya, at may Ph.D., at LL. D., at kung anu-ano pa. Mangyari ngang noong sumabak na siya para iligtas ang Israel, aba’y isa pala siyang malaking kabiguan.

³⁷ Ngayon pansinin, kung titingnan nga’y, isang hakbang na lang niya’y mapapasa trono na siya ng Egipto, para maging Faraon, na kapag nangyari ’yun ay magagawa na sana niyang iligtas ang mga anak ni Israel matapos niyang maging Faraon, dahil siya na ang susunod sa posisyon dun sa—dun sa trono. Pero, nakita n’yo, na, kung ganun ang magiging pamamaraan, hindi ’yun magiging pagkakakilanlan sa katangian ng Diyos ng pagliligtas Niya sa Kanyang bayan.

³⁸ Sinabi Niyang Kanya silang ililigtas. *Kanyang* “ililigtas sila sa pamamagitan ng isang makapangyarihang kamay,” hindi ni

Moises sa pamamagitan ng makapangyarihang hukbo, bagkus ng Diyos mismo sa pamamagitan ng isang makapangyarihang kamay.

³⁹ Nasumpungan pa nga nating tumakas ang propetang ito at lumagi dun sa ilang sa loob ng apatnapung taon. Apatnapung taon bale ang ginugol ni Faraon para magsiksik ng edukasyon papasok sa kanya, at apatnapung taon din ang ginugol ng Diyos para sairin 'yun palabas sa kanya. Kaya nasumpungan nga natin, isang araw, siya, sa may likuran ng ilang, nakatagpo niya dun ang Panginoong Diyos sa isang nagniningas na mababang kahoy, sa anyo ng Haliging Apoy na lumagi roon sa naturang kahoy na 'yun. At siya nga'y sinabihan dun na hubarin niya ang panyapak niya, dahil, 'yung lupang kinatatayuan niya'y banal. Ngayon pagmasdan n'yo nga ang kagalang-galang, ilustradong, edukadong lalaking ito, na dati ngang ganun, masdan n'yo ang pagbabago ng mga katangian niya matapos niyang makatagpo ang Diyos. Kanyang ginawa ang pinaka . . .

⁴⁰ Minsan ang paraan nga ng pagkilos ng Diyos sa mga bagay-bagay ay sadya bang napaka simple, at sadya bang kahibangan, kung iisipin sa karnal na pag-iisip. Pansinin po isang lalaking naging napaka laking kabiguan; nasa kanya na noon ang buong sandatahan ng Egipto at lahat na'y nasa palibot na nga niya't tutuparin na lang niya dapat ang nilalayon ng Diyos, nariyan ang lahat niyang edukasyon, sa edad na apatnapung taon, edad ng kanyang kalakasan. Heto na siya ngayon, walumpung taong gulang na, nung kinaumagahan nun, kasa-kasama ang kanyang asawa na nakasakay sa isang mola, may batang kalong-kalong dun, at tungkod naman dun sa kanyang kamay, patungo sila ng Egipto, upang kubkubin 'yun. Kahibangan nga kung titingnan! Subalit pagpapakita 'yun ng mga katangian ng Diyos, dahil nariyan nga't may isang lalaki Siya na nananampalataya sa Kanyang Salita. Ganun lang. Ang kakatwa nga rito'y, sige nga't maiisip mo ba kahit sa guni-guni mo lang 'yung ganung solong paglusob sa Egipto, kung saan, isang hukbo nga'y nabigo? Pero ano 'yun? Ang katangian niya, ang taktika niya'y nagbago nga. Nakikibaka na siya sa Pangalan ng Panginoon, "AKO YAONG AKO NGA." Ang kakatwa nga rito'y, nanaig siya. Nanaig siya, dahil nakibaka siya sa Kapangyarihan ng Panginoon.

⁴¹ Sa kanyang daan, habang pinangungunahan niya ang Israel patungo sa lupang pangako, nakatagpo niya dun ang kanyang kinakapatid, ang denominasyon nga niyang kapatid, ang Moab. Ngayon, ang Moab, di mo nga maibibilang, na mga pagano sila. Mga anak sila nung anak na babae ni Lot. Isa sa mga anak nila ang—ang pinagmulan ng Moab.

⁴² Ngayon, sa dakong 'yun dun, haya't gusto kong pansinin n'yo ang dalawang bansang ito, ang pagkakaiba nila. Galing ng Egipto, medyo, kalat-kalat sila, wala silang matuluyang bansa, walang matataas na tagapangasiwa o walang hari, o kahit na

ano, o kahit opisyal man sa gitna nila, basta't bayan lang na nasa kanilang paglalakbay patungo sa isang lupang pangako. At sa dakong 'yun ay kinailangan nilang dumaan sa lupain ng Moab. Nandun mismo sa pinaka linyang daraanan nila patungo sa pangako.

⁴³ At ang Moab, din naman, ay mga nagsisisampalataya kay Jehovah, at may propeta sila. At may propeta rin ang Israel. Kapwa sila may kanya-kanyang propeta.

⁴⁴ At ngayon pansinin n'yo, humantong sila sa dakong 'yun na 'yung propeta ng organisadong bansang 'yun ay nagsadya dun para sumpain itong kabilang bansa, dahil ito'y palaboy, walang pirming dako na malagian. Kaya ganoon na nga't naparoon sila.

At tingnan n'yo 'yung dalawang propetang 'yun: Kung sa simula't simulaing aral lang ang pag-uusapan, ilang dalawa'y kapwa tumpak na tumpak. Dahil sa, pansinin n'yo, si Balaam, na obispo, ang ibinilin niya sa kanila, "Ngayon, ipagtayo ninyo ako ng pitong dambana."

⁴⁵ Ang bilang na pito ay ang bilang ng kakumpletuhan ng Diyos, na kumakatawan sa Pitong Kapanahunan ng Iglesya, pitong araw ng paglalang, at iba pa. Ngayon pansinin n'yo, ang bilang na pito, ang Diyos ay nakukumpleto sa bilang na pito.

⁴⁶ "Pitong dambana, at sa bawat dambana'y maglapag kayo ng—ng toro." Ngayon ganoon na ganoon din ang dambana na mayroon sila sa kampamento ng Israel. Doon nga sa kanila sa Israel, may ganoon din silang dambana kagaya nung mayroon sila sa dakong ito; at parehong hain din, may toro rito't may toro rin dun; may propeta rito't may propeta rin dun. Dalawang bansa, na may kontrahan.

⁴⁷ Sadyang ganap na halimbawa ng panahong kinabubuhayan natin, kung mayroon lang sana tayong oras para matalakay ito. Pansinin po, ang Diyos ay gumagamit dito ng patalinghaga, na kung malalaman natin, ay humahalintulad nga.

⁴⁸ Ngayon, karagdagan dun, nag-utos si Balaam na maglapag ng isang lalaking tupa sa bawat dambana. Tumutukoy 'yun sa pananampalataya niya sa isang paparating na Mesiyas. Yung karnero, 'yung lalaking tupa, 'yun din 'yung parehong hain na mayroon sila sa Israel; doon sa kampamento ng Israel, maging nung makarating na sila ng—sa Moab. Sa . . . simulaing bagay, kapwa sila tama, pero, pansinin po, sa simula't simulaing bagay lang 'yan sa doktrina.

⁴⁹ Pero 'yung isang propetang 'yun sa kampamento ng Israel taglay niya ang mga katangian ng Diyos at ang Salita ng Diyos. Nanatili siya sa pangako ng Diyos para sa kapanahunang 'yun, dahil nakalinya siya sa daan patungo sa lupang pangako. Kita n'yo?

⁵⁰ Ngayon, kung sa simula't simulaing bahagi lang, si Balaam, si Balak ay may pagkakakilanlan ding ganoon gaya ni Moises.

⁵¹ Pero, nakita n'yo, si Moises, dahil siya ang tamang propeta ng Diyos, di lang siya nagtataglay nung mga simula't simulaing bahagi lang, kundi taglay niya ang pagkakakilanlan ng Diyos. Kita n'yo, nakalina siya sa kanyang tungkulin, linyang-linya sa kung ano ang ipinangako para sa panahong 'yun; hindi 'yung para sa kapanahunan ni Noe, kundi 'yung para sa panahong 'yun. "Dadalhin Ko kayo sa isang lupain na binubukalan ng gatas at pulot." Naglalakbay nga sila noon, at ang Israel ay napagkikilala sa kanilang propetang, si Moises, na nagtataglay ng Mensahe para sa kapanahunang 'yun. Mga katangian ng Diyos na napagkikilala kay Moises. May Haliging Apoy na nakasunod sa kanya. Taglay din niya ang mismong pagtutubos sa gawa; di lang sa salita, kundi sa gawa mismo. Hindi rin lang 'yung para sa kinabukasan pa; 'yung para sa mismong oras na 'yun mismo!

⁵² Pansinin, may ahas na tanso siya roon na itinaas niya para sa mga sakit at karamdaman ng mga tao dun, kaya ibig sabihin nagpamalas si Moises dun ng Makalangit na pagpapagaling. Taglay niya mismo ang pagtutubos, 'yung tansong ahas dun ay sumasagisag na ang Diyos ay naroon sa kampo, at ang mga tao'y makatitingin dun sa ahas na tanso at magsisigaling.

⁵³ May hinampas na Bato rin siyang nakasunod sa kanya. At 'yun nga'y pagkakakilanlan ng Diyos, para pabukalin ang mga Tubig ng Buhay sa kalagitnaan nila, kagalakan at kaligtasan, nang sa gayon ay hindi sila mangamatay kundi magkaroon ng walang hanggang Buhay. Tipo 'yun ng... Yung Batong 'yun sa ilang na hinampas ay tumitipo kay Cristo na hinampas.

⁵⁴ Bukod dun, nagsisilakbay sila na nakalina sa pangako. Isa pa 'yung pagkakakilanlan, na nagpapakita nitong katangian ng Diyos. Kahit gaano pang may simula't simulaing aral 'yung kabila dun sa Salita; taglay naman niya ang simula't simulaing aral, tapos may kalakip pang pagkakakilanlan, at katangian ng Diyos sa kalagitnaan nila. Ipinakikilala nga ng Diyos ang Sarili Niya. Dalawang propeta, kapwa sila mga propeta, at kapwa sila may simula't simulaing aral; subalit kay Moises ipinakilala ng Diyos ang Kanyang katangian, sapagkat taglay-taglay niya ang mga katangian ng Diyos sa kanya.

⁵⁵ Ngayon, muli, ang mga katangian ng Diyos ay sa tuwina'y sobrenatural, sapagkat Siya'y sobrenatural nga. Ang Diyos ay sobrenatural. Ito'y kakaiba, sa tuwina, sa modernong takbo ng pag-iisip ng panahon. Alam n'yo 'yan. Noon pa ma'y kumbaga sa maayos na pagkakasalansan ng mga mansanas sa kariton ay sinisira ng Diyos, ang sistema ng—ng panrelihiyong mga grupo sa bawat kapanahunan na nagdaan.

56 At wala nga ni isang beses kahit kailan na may isang tao o grupo man ng mga tao na matapos nilang iorganisa ang kani-kanilang mga sarili sa isang mensahe ay diba't nangamatay din at nasadlak sa istante't, di na nakabangon pang muli. Walang ganoon sa kasaysayan. Yung mga Lutheran, mga Presbyterian, mga Methodist, mga Baptist, mga Pentecostal, at iba pa, di na sila nakabangon pang muli, nung iorganisa nila Itong maging grupo-grupo.

Individuwal kasi ang pakikipag-ugnay ng Diyos.

57 Pansinin po, Siya nga'y sadyang kakaiba sa paraan ng pag-iisip. Kita n'yo, tatahak halimbawa tayo sa isang takbo ng pag-iisip, at dun nga'y kinakailangan daw nating paniwalaan Ito sa *ganitong* paraan. At pagkatapos darating ang Diyos na kaiba dun habang dala-dala ang Kanyang Salitang ipinangako Niya, at ipapakilala ang Kanyang Sarili sa Salitang 'yun. Ang grupo ngang *ito'y* di makakapunta sa dakong Iyon, dahil di naman ito naniniwala Roon. Kita n'yo, pinutol na kasi nito ang ugnayan nito Roon.

58 Katulad na lang nitong si Jose, anak siya ni David, at isang mabuting tao, si Jose na asawa ni Maria. Isa siyang mabuting tao, at di mapasubaliang nagbabasa nga ng Biblia, ng mga balumbon ng aklat, sa tuwi-tuwina, dahil . . .haya't naghihintay siya sa isang Mesiyas na paparating, at batid naman niya dun pihado ang binabanggit ng Kasulatan na mangyayari. Ang sabi dun ni Isaias, "Isang dalaga ang maglilihi."

59 Buweno, ngayon, nung panahon na 'yun ay kasintahan niya ang dalagang ito, si Maria, na nasa labing-walong taong gulang marahil, at siya naman ay medyo mas matanda nang kaunti. At nung magkasundo na nga silang magpakasal noon, ang dalaga nama'y magiging nanay na pala. Ngayon tila ba napakahirap para kay Jose na tayuan 'yun. Walang duda namang nabanggit sa kanya ni Maria 'yung pagdalaw ni Gabriel. Pero mapapansin natin, 'yung katangian niya mismo ang nagdala sa kanya, para pag-alinlanganan niya 'yun.

60 Ngayon nasumpungan ngang magiging nanay na siya agad bago pa sila maikasal. At, sa Biblia, ang kaparusahan dun ay kamatayan, sa pamamagitan ng pambabato. Ang isang babae kasing di pa naikakasal tapos magiging nanay na agad, siya nga'y dapat talagang batuhin. Walang prostitusyon sa Israel. Ipinagbawal 'yun. Haya't nasumpungan nating ganun nga dun, sa Deuteronomio, ganun nga ang sinasabi sa atin dun.

61 Ngayon nasumpungan natin, si Maria, tila ba ginagamit pa niya si Jose para maging pananggalang sa katampalasanan na nagawa niya. Dahil, kung nasumpungan siyang magiging nanay na agad bago pa man sila maikasal, pagbababatuhin talaga siya, kaya't para bang nanggamit siya ng tao para magsilbing

pananggalang niya. At kung titingnan nga'y, talagang, parang 'yun ang gusto niyang palabasin.

⁶² Pero nung titigan nga ni Jose ang malalaki't mapupungay niyang mga mata, at nagsasalita siya, "Jose, sinabi sa akin ni Gabriel, 'Lililiman ka ng Espiritu Santo, at ang Bagay na ito na dadalhin mo sa sinapupunan mo—sa sinapupunan mo ay sa Espiritu Santo. Ang Diyos. Ganoon ang magiging tawag dito, "Anak ng Diyos."'" At, si Jose, gustung-gusto naman niyang—niyang—niyang paniwalaan 'yun, kaso para nga kasing sobrang kakaiba nun. Hindi pa 'yun nangyayari kahit kailan.

⁶³ At ganyan na ganyan din ito kahit ngayon. Kung magagawa lang nating. . . Kung may paraan lang sana ako para maipakita sa mga tao na 'yang ganyang pagiging kakaiba ng isang bagay, kung napagkikilala naman ito sa pamamagitan ng Salita, ibig sabihin patutunayan ng mga katangian nito kung ano talaga ito. Ito'y ang Diyos na kumikilos.

⁶⁴ Dapat sana'y alam na ito ni Jose. Alam na dapat niyang, "Isang dalaga ang maglililihi." Pero ang gusto nga niya'y maging marangal sa bagay na 'yun. Ayaw naman niyang hiwalayan na lang siya, nang palihim, pero iniisip-isip na niya—na niya na ganun ang gawin.

⁶⁵ At kaya naman nung maglaon ay nagpakita ang Anghel ng Panginoon sa kanya sa isang panaginip. Napapaisip ba kayo kung bakit sa isang panaginip Siya nagpakita? Wala kasing mga propeta nung mga panahong 'yun noon. Napaka direkta nung panaginip, na di na kinailangan pa ng paliwanag. Sabi, "Jose, ikaw na anak ni David, huwag kang mangamba sa pagtanggap kay Maria na iyong asawa, sapagkat ang kanyang dinadala ay sa Espiritu Santo." Kita n'yo, kaya naman, naging ganung kasimple. Kita n'yo, dumating Siya sa kanya sa isang panaginip, pangalawahing paraan 'yun. Pero, nakita n'yo, wala kasing propeta noon para tukuyin ang Salitang 'yun, na, "Ito na ang dalagang maglililihi." Kita n'yo? Kaya, naman, doon sa isang panaginip Siya nagpakita, dahil nga isa siyang marangal at matuwid at isang mabuting tao.

⁶⁶ At naniniwala nga akong dumarating ang Diyos sa sinuman na mabuti, sa iba't ibang paraan, at ipakikilala sa mabuting tao na 'yun ang Kanyang mga gawa, para sa naturang panahon na 'yun, kung ang naturang taong 'yun ay tinawag talaga ng Diyos para sa kapanahunang 'yun.

⁶⁷ Ngayon, ang kaso nga lang ay sobrang kakaiba talaga nito, na di nila halos makuha. Haya't, sa tuwina, ang pagpapakita ayon sa ipinangakong Salita para sa kapanahunan, ay talaga namang kakaiba talaga.

Ngayon may ilang mga tao marahil ang lilibot, at sasabihin, "Buweno, kakaiba *ito*, kaya naman Diyos ito. Kakaiba *ito*."

68 Pero, nakita n'yo, ang dapat nga'y may pagkakakilanlan ito doon sa Salita, at ang Salitang 'yun ay ang Diyos. Kita n'yo? At kaya naman 'yung katangian nung pagkakakilanlan nun ang magpapakilala kung sino nga bang talaga ito, dahil kapag ang Diyos ang nagsabing, "mangyayari ang *ganito*," ay mangyayari nga talaga. Kita n'yo? Ang katangian nga nito ay yaong Salita ng Diyos na napagkikilala sa pamamagitan nung katangian ng kung anong ipinangyayari.

69 Sinabi Niya na sa huling mga araw ay ibubuhos Niya ang Banal na Espiritu. Ipinangyari nga Niya. Yung katangiang 'yun ang naging pagkakakilanlan na Diyos talaga 'yun, Salita Niya na ipinangako. Kita n'yo, sa tuwina nga'y ipinakikilala nito ang sarili nito.

70 Ngayon, sa tuwina, sa lahat ng pagkakataon, itinutuwid nga ang salita, kapag sinalita nang pamali ang Salita. Napansin n'yo ba 'yun? Panahon noon ni Noe, itinuwid ang siyentipikong panahon na 'yun, noong ibuhos ng Diyos ang tubig mula sa kalangitan. Si Moises, kita n'yo, ang tumuwid sa kanila nung parang pipirmi na lang sila dun sa Egipto, at kung anu-ano pa, pero dumating nga ang Salita ng Diyos upang mapagkilanlan. At itinutuwid talaga ng Katotohanan ng Salita ang kamalian.

71 Hayaan n'yong tanungin ko kayo ng isang bagay. Siguro'y mapapalalim tayo rito nang kaunti. Di sana ako mangungusap tungkol sa mga aral at doktrina, pero hayaan n'yong tanungin ko kayo ng isang bagay.

72 Si Jesus ay ang Salita. Alam natin 'yan. Sinabi ng Biblia na ganoon nga. San Juan, sa unang kabanata, "Nang pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos. At ang Salita ay nagkatawang-tao at tumahan sa gitna natin." Siya pa rin 'yang Salitang 'yan. Kaya naman nung Kanyang pagkilalanin ang laman ng kanilang isipan, ang dapat nga sana'y napagtanto nila dun pa man na 'yun nga ang Salita, sapagkat sinabi na ng Salita ng Diyos na ganoon na ganoon ang gagawin Niya. Siya 'yung Propetang 'yun.

73 Ngayon pansinin, nasumpungan nga natin noong maisilang Siya noon, nasa labindalawang taong gulang na siya nito noon, nagtungo Siya roon sa kapistahan ng tabernakulo. At nagtungo nga sila roon sa Paskwa. At, sa daan nila pabalik, tatlong araw na silang nakapaglalakbay noon at nakaligtaan pala nila Siya; nakikilala, o iniisip, pala, inaakala nilang kasa-kasama Siya roon nung kanilang mga kamag-anakan.

74 May makukuha nga tayong aral diyan. Parehong-pareho po ang nangyayari sa ngayon! Ngayon kayong Methodist, Baptist, Presbyterian, Lutheran, Katoliko, anupaman kayo, kita n'yo, ganoon na ganoon ang ginagawa n'yo. Nag-aakala lang kayo dahil si Wesley nga'y nagkaroon ng dakilang rebaybal, si Luther ay nagkaroon ng dakilang rebaybal, o ang Pentecostes ay

nagkaroon ng dakilang rebaybal, kaya inaakala n'yong nasa gitna Siya ng naturang mga tao, gayong, minsan ay wala naman talaga Siya roon.

⁷⁵ Humayo nga sila para hagilapin Siya. Saang dako nila Siya nahagilap? Kung saan nila Siya iniwan, sa Jerusalem. At noong matagpuan nila Siya, anong ginagawa Niya? Isang maliit na batang lalaki, labindalawang taong gulang, malamang ay hindi nakaranas na makapasok sa paaralan at nanay lang Niya ang nagturo sa Kanya; samantalang heto nga Siya sa may templo, nakikipagtalakayan sa mga saserdote roon, tungkol sa Salita ng Diyos. At namangha sila sa karunungan ng Batang ito. Bakit? Siya kasi ang Salita. Ngayon masdan.

⁷⁶ At ngayon di naman sa sinisiraan ko kayo na mga Katoliko na ang pagkakakilala kay Maria ay ina ng Diyos, pero hayaan n'yong ipakita ko sa inyo ang isang kaunting pagkakamali rito. Kung ang iglesya'y itinayo na ang kinasasaligan ay si Maria, masdan n'yo itong nangyari. Ngayon lumapit siya at ang sabi niya, "Oh, narito ang Iyong ama at ako na hinanap Ka, na may hapis." Masdan n'yo ang pangungusap na 'yan, sinira niya kung ganoon ang sarili niyang patotoo. Sabi niya, "narito ang Iyong ama at ako na hinanap Ka, na may hapis."

⁷⁷ Pagmasdan n'yo ang Salitang 'yan. Siya po ang Salita. Sabi Niya, "Di бага talastas ninyo na dapat Akong maglumagak sa gawain ng Aking Ama?" Masdan n'yo ang Salita na itinuwid 'yung pagkakamaling 'yun. Sa harap mismo ng mga saserdote roon, sinira ni Maria ang kanyang patotoo. Sinabi naman nang naglihi siya sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, ay anupa't dito'y ang sinasabi niya'y si Jose ang Kanyang "ama." Nakita n'yo ba ang Salita na dagli-dagling napansin 'yun? Siya kasi ang Salita. Ngayon, alam n'yo ngang di 'yun kayang gawin ng isang labindalawang taong gulang na bata. Siya ang Salita. Siya ang binigkas na Salita para sa kapanahunang 'yun, kaya naman ang pagkakakilanlang katangian na 'yun ng Diyos ay naroon kay Cristo. Itinuwid Niya ang mga kamalian. Sabi Niya . . .

Sabi nila, "Aba, mga alagad kami ni Moises." Kita n'yo?

⁷⁸ Sabi Niya, "Kung mga alagad ngang talaga kayo ni Moises, makikilala ninyo sana Ako. Sumulat siya patungkol sa Akin. Sinabi ni Moises, 'Magpapalitaw ang Panginoon ninyong Diyos ng isang Propetang gaya ko.' Di sana'y nakikilala ninyo Ako kung nakikilala ninyo talaga si Moises."

⁷⁹ At, kita n'yo, itinuwid sa tuwina ng Salita ang kamalian ng panahon. Kaso ayaw 'yung paniwalaan ng mga tao. Sila'y nananatili lang, sa dati nilang kalagayan.

⁸⁰ Gayong itinuwid mismo ni Jesus ang Sarili Niyang ina. At mali nga ang Kanyang ina sa pagkakataong 'yun, 'pagkat ang pahayag niya nung una'y ang batang 'yun ay ipinaglihi niya sa pamamagitan ng Espiritu Santo, at dito'y binaliktad niya ang

patotoo niya't sinasabing si Jose raw ang "ama," ama raw ni—ni Jesus. Ngayon kung—kung si Jose. . .

⁸¹ Kung anak nga Siya ni Jose, kung Siya nga'y naglulumagak sa gawain ng Kanyang ama, o di sana'y naroon Siya dapat sa pagawaa't nagkakarapintero.

⁸² Pero naglumagak nga Siya sa gawain ng Kanyang Ama, sa may Templo, sinasaway ang mga organisasyon doon. Kita n'yo? Naglumagak Siya sa gawain ng Kanyang Ama, labindalawang taong gulang na Binatilyo. "Di baga talastas ninyo na dapat Akong maglumagak sa gawain ng Aking Ama?"

⁸³ Napansin n'yo ba 'yun noong tuksuhin si Jesus ni Satanas? Yung katangian Niya roon, nung Siya'y naroo't tinutukso Siya, napagkikilala nga roon na Siya ay Diyos, dahil nanatili Siya sa Salita. Kita n'yo? "Nasusulat," sabi ni Satanas.

Sabi ni Jesus, "Nasusulat din naman," nanatili ngang mainam sa Salita.

⁸⁴ "Ang Diyos, sa iba't ibang panahon," nabasa nga natin dito. "Ang Diyos, sa iba't ibang panahon," panahong una ang ibig sabihin n'yan, "sa iba't ibang paraan," marami pong paraan, "ipinakilala ang Kanyang Sarili sa Kanyang mga propeta sa pamamagitan ng mga pangitain." Katangian nga 'yan ng isang propeta, na pauna siyang magsasaysay ng bagay na mangyayari at tapos mangyayari nga. Ngayon 'yan nga ang katangian niya na mapagkikilanlan siya, na sumasakanya nga ang Diyos. Kung gayon ay may karapatan siyang ipaliwanag ang Salita para sa panahong 'yun, dahil, "Ang Salita ng Diyos ay dumarating sa mga propeta," katangian nga ng propeta na Kanyang sinabi na nung una pa lang.

⁸⁵ Sinabi ng Biblia, "Kung may isa, at mangyari ang sinabi niya, kung gayon pakinggan mo siya; ngunit, kung di mangyari, huwag mo nga siyang paniwalaan, huwag mo siyang katakutan, dahil ang Aking. . . kung—kung ang Aking Salita'y wala naman sa kanya. Ngunit kung ito'y mangyari, kung gayon ang Aking Salita'y nasa kanya." Sa ganoon siya mapagkikilanlan. Ganoon ang katangian ng isang propeta.

⁸⁶ Ngayon, ang Diyos, sa iba't ibang panahon, ay sa ganoong paraan Niya ipinakita ang katangian Niya ng pagkakakilanlan ng Kanyang Sarili sa tao, sa pamamagitan nga ng pagsasalita gamit ang isang tao na tinawag upang maging isang propeta. Ngayon, sinasabi ng Biblia na, "Ang Diyos, sa iba't ibang panahon, sa iba't ibang paraan, ay nagsalita sa ating mga magulang sa pamamagitan ng mga propeta."

⁸⁷ Nabasa rin natin, sa Ikalawang Pedro, na ang buong Salita ng Diyos ay sila ang nagsulat. "Ang tao noong una, kinasihan ng Espiritu Santo, isinulat ang Biblia." Mga propeta. Dumating ang Salita sa kanila't isinulat nila Ito, isinulat 'yun, sa ilalim ng inspirasyon. Una sila'y napagkikilanlan na mga propeta talaga,

tapos kanilang—kanilang isinulat yaong inspiradong Salita, at nasa kanila ang kapaliwanagan ng Makalangit na kapahayagan dahil ito’y Diyos mismo na nasa tao.

⁸⁸ Ngayon sa ganoong paraan nga Niya ipinakita ang Sarili Niya sa Kanyang mga katangian na mapagkikilanlan, na ’yung mga pangitain nila na pinagtibay, ay katangian nga ng Diyos na sumasa kanila, na isang pagpapakilala ng Kanyang Sarili sa mga tao.

⁸⁹ Ngayon, sa ganoon ngang katangi-tanging paraan Siya napasa kay Cristo. Ang propeta’y kapingranggot na butil lang. Si Cristo ang kapuspusan ng Diyos. At ang Diyos na nakay Cristo, ipinakipagkasundo ang sanlibutan sa Kanya. At ipinakilala Siya ng Kanyang mga katangian, kung ano Siya, anupa’t sinabi Niya, “Kung hindi Ko ginagawa ang mga gawa ng Aking Ama, kung gayon ay huwag ninyo itong sampalatayanan. Kung hindi Ko taglay ang katangian ng Aking Ama, kung gayon ay huwag ninyo Akong sampalatayanan, huwag ninyong paniwalaan ang Aking mga pagpapahayag. Kung wala sa Akin ang katangian ng Aking Ama, ay huwag ninyo itong sampalatayanan, maski katiting.”

⁹⁰ Ngayon, ang mga katangian Niya’y hindi nagbabago kahit kailan. Hindi maaaring baguhin ng Diyos ang katangian Niya, at walang iniwan ’yan sa—sa isang—isang tupa na di nga nito mababago ang katangian nito, o anupamang bagay na maiiba nito ang katangian nito. Dahil, hangga’t nananatili ang isang bagay sa pagiging orihinal nito, orihinal nga ito. At kapag may babaguhin ka dun na kahit na ano, ibig sabihin iniba mo ’yun mula sa pagiging orihinal nun.

⁹¹ Para nga itong kukuha ka ng isang—isang baboy, at siguro paliliguan mo ’yung baboy na ’yun at—at lalagyan mo ng kulay ’yung mga kuko nun sa paa, gaya ng ginagawa ng kababaihan, at aayusan mo ’yun lalagyan ng kulay ang labi, at bibihisan ng magarang damit. Pakawalan mo ’yang baboy na ’yan, pupunta siya dire-diretso sa putikan, at lulublob dun uli. Bakit? Isa kasi siyang baboy, ganoon nga. Pero, at, pero, alam n’yo, hindi n’yo magagawa sa . . .

⁹² Hindi ’yan gagawin ng isang tupa. Ni di nga siya dadako man lang sa putikan. Ayaw niyang magkakaroon ng anumang kinalaman sa bagay na ’yan. Ganoon kasi ang katangian niya. Kita n’yo? Siguro’y bibihisan mo rin siya ng ganoong klaseng pananamit, pero di talaga ’yan pupunta, talagang di mo ’yan mapapapunta. Walang kinalaman ang panlabas na itsura; nasa panloob ito. Ngayon, ang Diyos bilang pinagmumulan ng lahat ng buhay . . .

⁹³ Huwag n’yong palampasin na makuha n’yo ito. Sinisikap ko, sa abot ng lahat ko, na maipakita sa inyo ang isang bagay. Kita n’yo? Para rin ito sa ikabubuti n’yo, mga kaibigan. Para ito sa kapa—kapakanan n’yo. Kita n’yo?

94 Di po ako naparito para makita lang. Di ako naparito, dahil walang ibang mapuntahan. Naparito ako dahil nadama ko na dapat akong pumarito. Nadama ko na ang pagmi-ministeryo ng Panginoon na ipinagkaloob sa akin ay kailangang-kailangan na talagang maipamalas sa gitna ng mga tao rito, at sinisikap ko nga ngayon na maipakita sa inyo kung ano ba talaga ang Diyos. Siya ang Kanyang ipinangakong Salita. Siya sa tuwina ang Salita, at ipinakilala Niya ang Sarili Niya sa katangian na ipinagako Niya. May katangian na lilitaw sa isang panahon, na nakasalig sa Salita, at pagkatapos ang katangian ng tao na 'yun na inaasahang lumitaw ay may pagkakakilanlan na siya na ngang talaga ang lilitaw na taong 'yun.

95 Yan ang dahilan kung bakit si Jesus ay lumitaw nang kung ano ba Dapat Siya talaga. Mangyari ngang dapat ay nakita 'yun ng mga tao noon. Di maikakailang sila'y mga bulag. Kaya . . . Sabi, bagamat gumawa Siya ng napakaraming mga himala, sa kabila nun hindi pa rin sila nakasampalataya, dahil sinabi ni Isaias, "Mayroon silang mga mata at hindi makakita, at mga pakinig at di makapakinig." Kita n'yo? Sa bawat kapanahunan po 'yan, hindi lang dun sa kapanahunan Niya; kundi sa bawat kapanahunan, kung paanong, "Ang Diyos, sa iba't ibang panahon, sa iba't ibang paraan," pero talagang di nila makuha-kuha 'yun.

96 Ngayon, ang Kanyang mga katangian ay di nabibigo. Di 'yun nagbabago kahit kailan. Ngayon, tandaan, ang Kanyang katangian, ang katangian ng Diyos, ay hindi maaaring mabigo. Kung mabigo 'yun, kung gayon ay nabigo ang Diyos. At ang sabi ng Biblia, sa Mga Hebreo 13:8, na, "Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman." Kaya naman, Siya ang Diyos na di nagbabago. Anuman ang katangian Niya noong pasimula, ay siya pa ring katangian Niya't di nagbabago. Lahat ng pamamaraan Niya ng pagkilos, sa lahat ng pagkakataon na may gagawin Siya, ginagawa Niya 'yun sa ganoo't ganoon pa ring pamamaraan sa lahat ng pagkakataon. Kung hindi ganun, ibig sabihi'y nagbago ang katangian Niya, kita n'yo, at ang mga katangian Niyang tulad n'yan ay magpapakita ng hindi na sa Diyos. Kita n'yo? Kaya di na natin mababatid kung saan . . .

97 Gaya ng sabi ni Pablo, "Kung ang trumpeta ay tumunog na walang katiyakan, sino ang maghahanda sa pakikibaka, kung ang trumpeta ay tumunog na walang katiyakan?" Ngayon kung ang trumpeta ay tutunog ng "atras," 'yun nga ang dapat nating gawin, atras. Kung tutunog naman ang trumpeta ng "sugod," 'yun nga ang dapat nating gawin, ang sumugod. Pero ano nga ba ang trumpeta? Salita ng Diyos. Ipinakilala Nito ang Diyos, anupaman 'yan—anupaman 'yan "sulong, upo, atras, mag-armas," anupaman 'yan. Tunog nga 'yan ng Trumpeta ng Diyos.

⁹⁸ At 'yung walang katiyakang tunog, kapag sinabi ng Biblia na may magaganap na isang bagay; tapos may magsasabi, "Oh, para sa ibang nagdaang kapanahunan, 'yan." Yang kagaya nga n'yan ang sinasabi riyang walang katiyakang tunog. Kaya di mo tuloy malaman kung anong dapat mong gawin.

⁹⁹ Nagsalita si Jesus noon, "May kapangyarihan Akong ibigay ang Aking buhay at ibangon itong muli." Di 'yan masasabing walang katiyakang tunog.

¹⁰⁰ Ang sabi nung babae, "Batid naming paririto ang Mesiyas; at pagparito Niya, ay sasabihin Niya sa amin ang mga bagay na gaya ng ginawa Niya."

¹⁰¹ Ang sabi Niya, "Ako nga Siya." Di 'yan masasabing walang katiyakang tunog. "Ako nga Siya." Uh-huh! Amen.

Sabi nila, "Kumain ng manna ang aming mga Magulang sa ilang."

¹⁰² Sabi Niya, "Sila, bawat isa sa kanila'y, mga patay na." Sabi Niya, "Ngunit Ako ang Tinapay ng Buhay na nagbuhat sa Diyos mula sa Langit." Di 'yan masasabing walang katiyakang tunog. "Ako ang Punongkahoy ng Buhay, mula sa halamanan ng Eden." Hindi, di 'yan masasabing walang katiyakang tunog. Hindi nga. Hindi 'yan masasabing walang katiyakang tunog. Siya'y tiyak sa lahat ng mga bagay na ginawa Niya.

¹⁰³ Ang Biblia'y hindi nagbibigay ng walang katiyakang tunog. Ipinakikilala Nito ang katangian ng Diyos sa pagtunog nito.

¹⁰⁴ Ang sabi ni Jesus, dun sa San Juan 10:37, "Kung hindi Ko ginagawa ang mga gawa ng Aking Ama, ibig. . . at hindi Ko taglay ang katangiang iyon ng Aking Ama, kung gayo'y huwag ninyo Akong sampalatayanan. Ang mga bagay na 'yan, Kanila ngang ipinakikilala ang katangian Niya na narito sa Akin, ito ngang mga katangian Niya."

¹⁰⁵ Dahil, ang Ama ay ang Salita, "Sa pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos," at ang katangian ng Diyos ay ipinapakita sa pamamagitan nitong pangako Niya para sa naturang panahon na 'yun.

¹⁰⁶ Ngayon kung nabuhay Siya dun sa panahon ni Moises noon, di sana 'yun umubra. Kung si Moises naman ang nabuhay sa panahon Niya, di rin sana 'yun umubra. Kung nabuhay Siya dun sa panahon ni Noe noon, di sana 'yun umubra, o kung si Noe naman ang nabuhay dun sa panahon Niya. Si Noe ay nagpropropesiya ng mga bagay para dun sa isang panahong 'yun, at 'yung katangian niya at 'yung kanyang ginampanan ang nagpapakilala sa kanya dun sa Salita ng Diyos. Si Moises ganun din ang ginawa niya.

¹⁰⁷ At heto si Jesus na dumating, at ang Salitang ipinangako para sa kapanahunang 'yun ay napagkilala kay Jesus Cristo

sa pamamagitan nung katangian ng Salita, na ang Diyos mismo. Amen.

¹⁰⁸ Ang pagbuhos nga ng Espiritu Santo, sa huling mga araw, sa mga pangkaraniwang tao, ipinakilala nun ang katangian ng Diyos sa mga tao. Ipinangako Niya 'yun. Salita Iyon. Sinabi Niyang gagawin Niya 'yun. Wala nang makakabawi pa nun. Sinabi Niyang gagawin nga Niya 'yun.

¹⁰⁹ Kaya ang lahat ng mga bagay na ito na ipinangako Niya, 'yun nga ang ginagawa Niya. Ipinakikilala Nito ang Kanyang katangian. Siyanga, po. "Huwag ninyong sasampalatayanan, huwag ninyong sampalatayanan ang Aking mga pagpapahayag, kung ang katangian Ko'y hindi sa Diyos."

¹¹⁰ Ngayon pansinin sa Juan 14:12, "Ang sumasampalataya sa Akin," sabi Niya, "ay nagtataglay ng pagkakakilanlan Ko, ng katangian Ko. Ang sumampalataya sa Akin, ang mga gawa na Aking ginagawa ay gagawin din naman niya." Ipinakikilala nga n'yan na ang katangian ni Cristo'y nasa kanya, ipinapakita ang mga katangian Niya. Amen.

¹¹¹ Pakiramdam ko'y napupuspos ako nang husto sa mga oras na ito, paos pa ako ng lagay na ito. Siyanga, po. Oh, grabe! Kita n'yo, walang pagkakamali Rito! Kanyang Buhay mismo! "Ang sumasampalataya sa Akin, ang mga gawang Aking ginagawa ay gagawin din naman niya." Kita n'yo, ipinakilala talaga nito ang mismong katangian.

¹¹² Katulad dun sa isang sinabi Niya: "Kung di ipinakilala ng katangian Ko ang Aking Sarili," na ang Diyos ay nasa—nasa Kanya, ay Siya'y . . . huwag n'yo nga Siyang sampalatayanan. Ngayon, sinabi rin Niya na mapagkikilala Siya sa ganun. Kung ganoon, nga, kung di Siya napagkikilala roon, kung ganoon di Siya 'yung pakilala Niya sa sarili.

¹¹³ At, sa panahon ngayon, kung di ipinakilala ni Cristo ang Kanyang Sarili, ang katangian ni Cristo'y di tayo ipinakilala bilang mga nakay Cristo, sumasampalataya sa Salita . . . si Jesus nga ang Salita, kaya sasampalatayanan talaga Niya ang Salita. At kaya nga paano natin masasabing mga nakay Cristo tayo, at tumatanggi naman tayo sa alinman sa Salita ng Bibliang 'yun? Ang Espiritu Santo ni Cristo ay ang Diyos na sumasainyo, at kaya naman sasang-ayunan talaga Nito ang bawat pangako ng "Amen." Sinasabi ng Biblia, "Lalaki ang mga tandang ito sa magsisisampalataya." Sasabihin ng Espiritu ng Diyos, "Amen." Kita n'yo?

¹¹⁴ Wala dung kahit isa sa kanila na magsasabi, "Hindi, para sa ibang kapanahunan noon 'yan; para sa mga alagad nung una lang 'yan."

¹¹⁵ "Magsiyaon kayo sa buong sanlibutan at ipangaral ninyo ang Ebanghelyo sa lahat ng kinapal. Siya, saanmang dako siya naroon sa buong sanlibutan, na sumasampalataya, ay lalaki sa

kanya ang mga tanda, siya ring bagay.” “Siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman,” ang katangian ay mapagkikilala.

¹¹⁶ Ipinakikita nga nito na ang Mga Hebreo 1:1, “Ang Diyos sa iba’t ibang panahon, ay nagsasalita sa ating mga magulang sa pamamagitan ng mga propeta,” ipinakilala nito si Cristo, na sa panahon ngayon ay nabuhay na mag-uli, sa pamamagitan ng siya ring katangian na ginawa Niya dun sa iba’t ibang panahon noon. Napansin n’yo ba? Hindi binabago ng Diyos kahit kailan ang Kanyang kaparaanan.

¹¹⁷ Doon sa matandang Biblia, kapag managinip ang isang mapanaginipin ng isang panaginip, at walang propeta sa lupain upang tingnan kung ang panaginip na ’yun ay tama ba o hindi, may iba sila roong paraan para matukoy ’yun. Dadalhin ’yung taong ’yun, kung sino man siya na nanaginip nung panaginip, dadalhin nila siya sa may templo. Yung pektoral ni Aaron, na pinunong saserdote, nakasabit ’yun sa haligi. At sasaysayin na nitong naturang taong ito na nanaginip ’yung panaginip niya. Kahit gaano pa ’yung kaganda sa pakinig, gaano pa ’yung tila katotop sa pakinig; kung walang sobrenatural na Liwanag na kikislap sa mga bato roon, na ang tawag ay Urim Thummim, (nauunawaan ito ng mga nagbabasa ng Biblia); haya’t, wala akong pakialam gaano mang tila katotoo ’yun sa pakinig, hindi ’yun totoo. Ang pagiging kakaiba ng Diyos, ang katangian ng Diyos, kinakailangan ngang maipamalas ang mga katangian Niya sa sobrenatural, upang ipakita na may pagkakakilanlan Siya ng Kanyang Sarili doon sa mensahe. Amen.

¹¹⁸ Ganyan na ganyan din ang sinasabi ko ngayong gabi. Wala na ang matandang Urim Thummim, subalit ang Salita ang siya pa ring nananatiling bagay na nagpapakilala sa katangian ng Diyos, na ipinangako para sa panahong kinabubuhayan natin. Nariyan ang mga katangian ng Diyos na naipakilala sa pamamagitan ng pangako para sa panahong kinabubuhayan natin.

¹¹⁹ Yan nga ang nagpapakita na ang Diyos ay siya pa ring di nagbabago sa kung ano Siya noon. “Sa iba’t ibang panahon,” tingnan n’yo, “sa iba’t ibang paraan, ay nagsalita Siya sa ating mga magulang sa pamamagitan ng mga propeta.” “Ang kautusan at ang mga propeta ay nanatili hanggang kay Juan; mula noo’y, ang Kaharian ng Langit.” Pansinin po, “Ngunit sa huling araw na ito,” sinasalita nga rito ang siya ring bagay na sinalita Niya noon, “sa pamamagitan ng Kanyang Anak na si Cristo Jesus.” “Ang Diyos, sa iba’t ibang panahon, sa iba’t ibang paraan, ay nagsalita sa ating mga magulang sa pamamagitan ng mga propeta; sa huling araw na ito,” ginagawa ang siya ring bagay na ’yun, “nagsasalita sa mga tao (sa mga magulang) sa pamamagitan ng Kanyang Anak na si Cristo Jesus.” Ibinangon Siya mula sa mga patay, at Siya’y nananahan na sa loob natin, ipinakilala ang Kanyang Sarili at sinasabi sa atin ang mga

bagay-bagay na magaganap, na Siya'y kumikilala ng mga pag-iisip at ng mga haka ng puso. Si Jesus Cristo ay siya rin kahapon, ngayon, at magpakailanman! “Ang, Diyos sa iba’t ibang panahon at sa iba’t ibang paraan ay nagsalita sa ating mga magulang sa pamamagitan ng mga propeta, pero sa huling mga araw na ito ay sa pamamagitan ni Jesus Cristo na Kanyang Anak.” Hindi maaaring kalikutin ang Kasulatan. Ito’y eksakto.

¹²⁰ Gaya ng sinasabi ko na dati, hindi kailangan ng Diyos ang sinuman para ipaliwanag ang Salitang ito. Siya mismo ang nagpapaliwanag ng Kanyang Sariling Salita. Sa tuwing may sasabihin Siyang anuman, mangyayari 'yun, at 'yun na mismo ang paliwanag nun. Kita n'yo? Hindi nga Niya kailangan ng sinuman para magsabi pa, “Buweno, sa paniwala ko'y *ganito* ang ibig nitong sabihin.” Ang Diyos nga'y ipinakikilala ito sa pamamagitan ng Kanyang Sariling pagpapaliwanag.

¹²¹ Kaya, kung ang pangako'y para sa isang naturang panahon! Di tayo puwedeng mamuhay sa liwanag ni—ni—ni Luther. Di tayo puwedeng mamuhay sa liwanag ni Wesley. Di tayo puwedeng mamuhay sa liwanag ng alinman sa mga 'yan. Kailangan nating mamuhay sa Liwanag na ipinangako para sa panahong ito.

¹²² Paano kung nung magtungo si Moises dun sa Egipto, at ang sinabi niya, “Buweno, gagawa tayo ng isang malaking daong. Lulutang tayo palabas ng bansang ito. Aapaw ang Nilo”? Sila'y sa pagsangguni nila dun sa balumbon ng aklat; ay wala namang ganoong pangako. Ganoon nga. Pero, nakita n'yo, naipakilala niya ang kanyang sarili bilang propeta ng Diyos, dahil anuman ang kanyang sabihin ay nagaganap, kaya naman sa ganoon ay nababatid ng mga tao na taglay niya ang Salita ng Panginoon. Si Faraon nga'y may mga sibat, pero si Moises ay taglay niya ang Salita. Kaya naman noong marating nila 'yung dagat, lahat nung mga sibat na 'yun ay lumubog sa ilalim mismo ng dagat; at si Moises ay itinawid niya ang Israel sa dagat, sa tuyong lupa, sapagkat nasa kanya ang Salita, at siya ang Salita para sa oras na 'yun. Si Moises ang Salitang nahayag para sa naturang oras na 'yun.

Si Elias ang Salitang nahayag para sa naturang oras na 'yun.

¹²³ Si Cristo ang Salitang nahayag, at heto ang mga pangakong Kanyang ipinangako. “Kaunti pang panahon at hindi na Ako makikita ng sanlibutan; gayunma'y makikita ninyo Ako, sapagkat Ako'y sasainyo, sumasainyo, hanggang sa katapusan ng sanlibutan. Ang mga gawang Aking ginagawa ay gagawin din naman ninyo.” Ipinangako Niya ang mga bagay na ito. Ano ito? Ito'y ang katangian ng Diyos na nagpapakita ng Kanyang Salita, gaya ng ginawa Niya sa lahat ng mga kapanahunan.

¹²⁴ Malakias 4, sabi Niya, “Bago dumating ang dakila't kakilakilabot na araw ng Panginon, narito, Aking isinusugo sa inyo si

Elias na propeta; at kanyang ipananauli ang pananampalataya ng mga anak pabalik na muli sa mga magulang, bago dumating ang araw na iyon.” Ipinangako Niya ito.

¹²⁵ Sinabi ni Jesus, sa ika-17 kabanata ng San Lucas, “Kung paano ang nangyari sa mga araw ng Sodoma, ay gayundin naman ang mangyayari sa pagparito ng Anak ng tao, kapag ang Anak ng tao ay nahahayag na.” Sa panahong inilaladlad na mismo ang kapahayagan, sa mga araw na ang sanlibutan ay magiging katulad na ng Sodoma, ano raw ang mangyayari? Ang katangian ng Kasulatang ’yun ay natutupad na. Ipinakikilala ng Diyos ang Kanyang Sarili sa pamamagitan ng Kanyang katangian, mga katangian na kailanman ay ganoo’t ganoon pa rin Siya mula noon. Hindi Niya maaaring iwan ’yun.

¹²⁶ Sa huling mga araw, nagpakilala Siya sa pamamagitan ng Kanyang Anak. Pansinin n’yo ang kaparaanan ng Diyos dito na sa tuwina ay—ay Siya’y la- . . . Siya’y di nagbabago ng Kanyang kaparaanan.

¹²⁷ Yaong tatlong lalaking nakipag-usap kay Abraham, gaya ng napangusap na natin dito noon, sa mga araw ng Sodoma.

¹²⁸ Si Abraham ay isang lalaking nanampalataya sa Diyos. Pinaniwalaan Niya ang Diyos sa Kanyang pangako. Si Sarah, na kanyang asawa, animnapu’t limang taong gulang na siya, si Abraham nama’y pitumpu’t lima na, noong tawagin siya ng Diyos. Sinabi Niyang magkakaroon sila ng isang—isang anak; magkakaroon si Abraham ng anak kay Sarah. Marahil nga’y parang kalokohan ’yun sa pakinig, pero nakikini-kinita ko siyang inihahanda na niyang lahat ’yung—’yung sapatos nung sanggol at mga perdible, at lahat na, para handa na, dahil sila’y magkakaroon na nga nung sanggol na ’yun.

¹²⁹ Pagkatapos nung unang dalawampu’t walong araw, aba, si Abraham marahil kinukumusta niya si Sarah, “Kumusta ang pakiramdam mo, mahal?”

“Wala namang pinagbago.”

“Luwalhatiin ang Diyos, mapapasaatin ito, kahit ano pang mangyari.”

“Paano mo nalaman?”

“Diyos kasi ang nagsabi.”

Lumipas ang isang taon. “Kumusta ang pakiramdam mo, mahal?”

“Wala namang pinagbago.”

“Mapapasaatin ito, kahit ano pang mangyari. Sinabi na kasi ito ng Diyos sa atin.”

Lumipas ang limang taon. “Kumusta na ngayon ang pakiramdam mo, mahal?”

“Wala namang pinagbago.”

“Mapapasaatin ito, kahit ano pang mangyari. Sinabi na kasi ito ng Diyos sa atin.”

130 Ano 'yun? Taglay-taglay niya ang pangakong 'yun ng Diyos. Sinampalatayanan niya ang Diyos, at kumilos siya na parang ang Diyos: pinanghawakan niya ang ipinangakong Salita. Ito'y . . .

131 Lumipas ang dalawampu't limang taon. Yung mga sapatos para dun sa sanggol ay nanilaw na, pero nanghawakan pa rin siya. Ngayon matanda na siya, at hukot na, at ang kalagayan niya'y di na ganoong kaganda; at 'yung sinapupunan ni Sarah ay patay na kung tutuusin, at siya nama'y baog na. At grabeng kalagayan 'yun na kinasadlakan nila!

132 “Ano nang pakiramdam mo, Abraham, ama ng mga bansa?” ganyan na ganyan nga ang sasabihin sa kanya ng mga kaibigan niyang mapagkunwang-mananampalataya.

133 “Buweno, purihin ang Diyos, mainam ang pakiramdam ko. Makakamit namin 'yung sanggol na 'yun, kahit ano pa mang mangyari.” Dahil hindi siya nagpahapay-hapay sa pangako ng Diyos sa pamamagitan ng di pananampalataya; kundi matibay pa nga, na nagpupuri sa Diyos, dahil siya'y lubos na nananalig na anuman ang sabihin ng Diyos, may kakayahan ang Diyos na tuparin 'yun. Amen. Hayan nga ang katangian ng isa talagang mananampalataya.

134 Paano naman kayo? Kita n'yo? Paano naman tayo, na mga anak ni Abraham? Tayo ba'y napagkikilanlan na sa Salita ng Diyos, na isang pangako, at dun sa katangian natin ay may pagkakakilanlan na tayo, na tunay ngang sinasampalatayanan natin Ito? O, nagpapaurong-sulong pa kayo, patalon-talon *dito*, at tapos *dito*, at tapos *dito*, at nagbabaka-sakali, at paurong-sulong, sa bagay na Ito? Kung ganyan, ay di tayo mga Cristiano, kunwa-kunwarian lang ang pananampalataya natin.

135 Pero, kung talaga ngang tumatayo tayo sa pangakong 'yun, hatakin n'yo Ito roon mismo at manatili Roon! Ganoon mismo ang ginawa ni Abraham.

136 Ngayon nasumpungan natin dun, isang araw nakakita siya ng tatlong lalaking paparating, naglalakad. Sabi ng Biblia rito, “Kainitan iyon noon ng araw,” marahil bandang tanghali 'yun. Lumapit 'yung mga lalaking 'yun at nakikipag-usap sa kanya. Nalaman na nga nating nagtungo 'yung dalawa dun sa kanila sa Sodoma. Sa paniwala ko'y napangusap natin ang tungkol dito noong isang gabi. Yung isa naman sa kanila'y nagpaiwan kasama niya.

137 Masdan n'yo 'yung Lalaking 'yun na tinawag niyang . . . na nagpaiwan kasama niya, kung anong ginawa nung Lalaking 'yun. Yaong Isang 'yun ay napagkikilanlan sa pamamagitan nung Kanyang katangian, na Siya si Elohim.

138 Elohim, pinaka unang salita sa Biblia, “Nang pasimula ang Diyos . . .” Ngayon, sinuman sa inyo na mga iskolar haya’t alam n’yo nga na ang salitang *Diyos* na binanggit diyan ay ang ibig sabihin, sa Hebreo, ay “Elohim,” na ang ibig sabihin ay, “ang Makapangyarihan sa lahat, ang buong-kasapatan ng lahat, ang mag-isang kusang nabubuhay nang walang hanggan,” hindi nangangailangan ng tulong ninuman, hindi nangangailangan ng pagpapaliwanag ninuman; Siya Mismo sa Sarili Niya ang gumagawa. Siya ang Diyos na buong-kasapatan ng lahat, nasa lahat ng dako, may kabatiran ng lahat ng mga bagay, higit na makapangyarihan. Siya ay Diyos.

139 Hayan nga Siya. At si Abraham ngayon, ang patriyarkang ito na pinanghahawakan ang Salita, tumingin siya sa Lalaking ’yun. At habang nakatalikod ang Lalaking ’yun sa tolda, sabi Niya, “Saan naroon ang iyong asawang, si Sarah?”

Sabi, “Siya’y nasa tolda, sa Iyong likuran.”

140 Sabi, “Dadalawin Kita sa ganitong panahon ng taon na darating, at makakamit n’yo ang sanggol na ito na ipinangako Ko sa inyo.”

141 At tinawanan ’yun ni Sarah. At Yaong nakikipag-usap sa kanya, sinaysay sa kanya kung ano ’yung nasabi ni Sarah sa loob nung tolda, sa likuran Niya.

142 Ngayon, sa Genesis, mababasa n’yo ’yun. Nalaman natin na noong, si Abraham, pagkatapos na maipakilala nung Lalaking ’yun ang Kanyang Sarili . . .

143 Ano ’yun? Sa Mga Hebreo, ika-4 na kabanata, sa ika-12 talata, sabi dun, “Ang Salita ng Diyos ay mas matalas, mas mabisa kaysa tabak na may dalawang talim, kumikilala ng mga pag-iisip at mga haka ng puso.”

144 Alam niya na ito na nga ’yung Lalaking ’yun. Alam niyang wala ng ibang propeta dun sa lupain maliban sa kanya, at kaya naman sa kanya dumating ang Salita ng Panginoon. At siya nga ang propeta, at heto na nga ang Salitang dumating sa propeta.

145 Ganoon din ’yun noon kay Juan Bautista. Hindi nagkaroon ng propeta sa loob ng apatnaraang taon. Naaalala ko tuloy . . .

146 Marahil nakaupo po rito si beteranong Doktor Davis, sa gabing ito, ang beteranong mangangaral ng Missionary Baptist na nagbautismo sa akin sa Pananampalataya. Noon ay lagi niya itong dinidiskusyon sa akin. Sabi niya, “Billy, bata ka pa. Dapat pinakikinggan mo ako.”

Sabi ko, “Sige po, Kapatid na Davis, nakikinig ako.”

147 Sabi niya, “Kita mo, si Juan ay di nabautismuhan. Haya’t nagbabautismo siya, pero siya mismo di nabautismuhan; wala kasing karapat-dapat dun na magbautismo sa kanya.” Napaka inam po ng teolohiyang ’yan ng Baptist. “At hetong paparating noon si Jesus, at sabi dun . . .sabi ni Juan, ‘Kinakailangan ko

na ako'y Iyong bautismuhan; bakit Ikaw ang naparito sa akin?" At sabi Niya, "Hayaan mong mangyari ito ngayon." Sabi niya, "At pagkatapos nung 'payagan' na niya Siya," sabi, "nakita mo, pagkatapos nun ay binautismuhan ni Jesus si Juan. At pag-ahon Niya sa tubig, mangyaring nangabuksan ang langit at nakita Niya ang Diyos sa anyong kalapati, na bumababa't patungo sa Kanya, sabi, 'Ito ang sinisinta Kong Anak, Na kinalulugdan Kong panahanan.'" Pero, hindi, di naman sa nakikipagtalo ako kay Doktor Davis, pero mali siya dun.

148 Kita n'yo, si Juan ay propeta, at sa tuwina'y dumarating ang Salita sa propeta. Kaya nung nagkatawang-tao ang Salita, doon nga Ito sa propeta nagpunta, na dapat lang; 'pagkat, siya ang nagpapatotoo sa Salita, at ang mismong katangian niya ang nagpapakilala sa kanya na ganoon nga. Mangyari ngang ang Salita'y parating noon, ngayon anong nangyari? Pagkalapit na pagkalapit niya sa mismong harapan ni Jesus, ang sabi ni Juan, "Ako ang kinakailangan na Iyong bautismuhan; bakit Ikaw ang naparito sa akin?"

149 Sabi ni Jesus, "Hayaan mong mangyari ito ngayon, sapagkat ganyan ang nararapat sa atin (kinakailangan sa atin) upang ganapin ang buong katuwiran." Si Juan bilang ang propeta; Siya bilang ang Salita. Siya yaong Hain, at nahahanda na Siyang pumasok sa Kanyang panlupang pagmi-ministeryo, at ang Hain nga'y kinakailangan munang mahugasan bago ito maihandog. At binautismuhan Siya ni Juan, 'pagkat alam niya. "Hayaan mong mangyari ito ngayon, sapagkat ganyan ang nararapat sa atin upang ganapin ang buong katuwiran." Kinakailangang mahugasan muna ang Hain bago ito maihandog, at kaya binautismuhan Siya ni Juan. Hindi nga si Jesus ang nagbautismo dun kay Juan. Si Juan ang nagbautismo kay Jesus. "Hayaan mong mangyari ito ngayon."

150 Pansinin, heto nga si Abraham, at nasa kanya ang Salita ng Panginoon. Dumating sa kanya ang Salita ng Panginoon. Siya ang propeta. At ngayon heto nga't dumarating yaong Salita. Tinawag Niya siyang, "Abraham," hindi *Abram*.

151 Mga ilang araw bago 'yun, ang pangalan niya ay Abram—ay Abram, pero ngayon Abraham na. Ang maybahay niya ay Sari, ngayon naging "Sarah" na, hindi S-a-r-r-a; S-a-r-a-h. Hindi (A-b-r-a-h-a-m) A-b-r-a-m, kundi A-b-r-a-h-a-m, Abraham.

152 At yaong Lalaking 'yun ay ipinakilala Niya ang Sarili Niya, noong sabihin Niyang, "Abraham!" Oh, ang ganda!

Sabi ni Abraham, "Elohim!"

153 Hayan nga yaong Salita at 'yung propeta, na magkasama, kapwa sila napagkilanlan.

154 Si Elohim, sabi Niya, "Saan naroon ang iyong asawang, si Sarah?"

155 Sabi, “Siya’y nasa tolda, sa Iyong likuran.” At ang . . . Tapos ay naganap ’yung himala. Elohim! Tinawag Siya ni Abraham na, “ang buong-kasapatan ng lahat, Makapangyarihan sa lahat, higit na makapangyarihang Diyos.”

156 Sabi ni Jesus, noong narito pa Siya noon sa lupa, ginawa Niya ang siya ring bagay na ginawa noon ni Elohim. Ipinakilala nung gawa na ’yun ang Kanyang katangian bilang yaong Diyos.

157 At sinabi nga Niya, noong bago pa, “Sa huling mga araw, sa pagparito ng Anak ng tao, kapag Siya ay inihahayag na, ang ganitong eksena ay mangyayaring muli, kung papaano noon sa Sodoma.” Si Elohim sa gitna ng Kanyang bayan, ang Diyos na Makapangyarihan sa lahat! Ganoon ang sinasabi ng Kasulatan. Si Elohim sa gitna ng bayan!

158 Sa loob ng apatnapung taon ay binabautismuhan Niya tayo ng Espiritu Santo, si Elohim, ang Diyos! At ang iglesia . . .

159 Masdan n’yo, nakakita si Abraham ng isang tanda, isa uling pagtawag; isang tanda, isang pagtawag; isang pagtawag, isang tanda; habang naghihintay sa ipinangakong anak. Pero yaong pinaka huling tanda na nakita niya, yaong huling pagpapakita, yaong huling pagdalaw ng Diyos bago dumating ang anak na ipinangako sa tagpo, ay si Elohim mismo sa katawang-tao. At pagkatapos nun ay dumating na ang ipinangakong anak.

160 At ang Binhi nga ni Abraham ay naghihintay para dun sa ipinangakong Anak, si Jesus Cristo. At sari-sari ang nasaksihan nilang mga tanda, pagbuhos ng Espiritu Santo, pagsasalita sa iba’t ibang wika, Makalangit na kagalangan, at iba pa. Pero sa puntong mahahayag na ang Anak ng tao, si Elohim mismo ay magbabalik sa maharlikang Binhi ni Abraham at ipakikita ang siya ring bagay na ipinakita Niya noong araw na ’yun, amen, si Elohim, gaya nung una! Bakit? Sadyang katangian nga ’yun ng Diyos.

161 Ngayon, kung si Cristo ay Diyos, “Kaunti pang panahon at hindi na Ako makikita pa ng sanlibutan; gayunma’y inyong makikita Ako, sapagkat Ako’y sasainyo, sumasainyo, hanggang sa kaganapan, sa kawakasan. Ang mga gawa na ginagawa Ko ay gagawin din naman ninyo.”

162 Sinabi ’yan ni Jesus sa—sa Lucas, sa ika-17 kabanata. Sige, sa atin pong pagsampalataya at makikita natin ang mga bagay na ito sa huling mga araw na ito, ang tagpong ito’y magaganap ngang uli.

163 Samakatwid, Mga Hebreo 1:1, “Ang Diyos, sa iba’t ibang panahon sa pamamagitan ng mga propeta ay ipinakilala ang Kanyang Sarili, sa huling mga araw na ito ay ipinakilala ang pagkabuhay na mag-uli ng Kanyang Anak mula sa mga patay,” sa pamamagitan ng pagkakaloob sa Iglesia ng siya’t siya ring katangian na tinaglay Niya noon, kaya naman ang Mga Hebreo 13:8 ay saktong-saktong ganap talaga.

164 Walang kahit anong balahibo ang puwedeng mabunot dun. Mga balahibo kasi 'yun ng agila. Nananatiling makapit ang pagkakakapit ng mga ito, sapagkat sila'y makalangit na ibon. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] . . . kumakain sila ng pagkain ng agila.

165 Ngayon mapapansin natin na, “Sa iba't ibang panahon, sa iba't ibang paraan, ay nagsalita Siya sa ating mga magulang sa pamamagitan ng mga propeta, sa huling mga araw naman ay sa pamamagitan ng Kanyang Anak mismo na si Jesus Cristo, sa pamamagitan ng pagbangon sa Kanya mula sa mga patay.” At narito na nga Siya sa gitna natin, matapos ang dalawang libong taon, siya't siya pa ring Jesus, hindi isa dun sa mga propeta; si Jesus mismo, hallelujah, ang nabuhay na mag-uling Anak ng Diyos!

166 Sinabi ni Jesus, isang araw, sabi Niya, “Ang isang lahing masama at mapangalunya ay humahanap ng tanda, at isang tanda ang ibibigay nga sa kanila.” Isa raw lahing masama at mapangalunya. May panahon pa ba na ang sanlibutan ay mas sasama pa, o mas mapangalunya at mas baluktot pa, kaysa rito sa panahon ngayon?

167 “Kung papaano ang nangyari sa mga araw ni Jonas, kung paanong si Jonas ay napasa tiyan ng balyena nang tatlong araw at gabi, ay gayon ding mapapasa ilalim ng lupa nang tatlong araw at gabi ang Anak ng tao.”

168 Kung gayon, “ang isang lahing masama at mapangalunya” ay makatatanggap ng isang tanda. Anong klaseng tanda? Isang tanda ng pagkabuhay na mag-uli. At nasa atin na ito ngayon, matapos ang dalawang libong taon, Siya'y nananatiling buhay pa rin. Siya'y nasa kalagitnaan natin, ngayong gabi, na siya pa rin kahapon, ngayon, at magpakailanman, ipinakikilala ang Kanyang Sarili sa pamamagitan ng mga katangian ng Diyos, na naghahayag nitong Salita sa panahong ito na ipinangako Niya na gagawin. Amen.

169 Hayan na nga ang Salita. Ngayon sasampalatayanan n'yo na ba ang tanda, 'yan na nga ang kasunod, sa huling mga araw na ito, ang Kanyang pagkakakilanlan sa pamamagitan ng Anak Niya? Pansinin.

170 Ang Diyos ay nagsalita kay Moises noong lumang panahon. Sa Deuteronomio 18:15, sabi, “Palilitawin ng Panginoon mong Diyos ang isang Propetang gaya ko.” Ngayon masdan n'yo. Ang Salita po 'yan. Ang Salita nga 'yan. Ang Diyos 'yan. Hindi 'yan si Moises. Paanong malalaman ni Moises ang ganoon? Isa lang siyang tao. Pero ang Diyos, na nagsasalita sa pamamagitan ni Moises, ang mismong nagsabi nun. Sinasampalatayanan n'yo ba 'yan? Sige.

171 Ngayon pansinin n'yo po si Jesus, masdan kung paanong 'yung Kanyang—Kanyang mga katangian ay ipinakilalang totoo

ang ipinangakong Salitang ito. Tunay ngang ipinakilala Niya. Ipinakilala Siya nung katangiang 'yun na sinabi ni Moises kung ano bang magiging katangian Niya.

¹⁷² Marami sa kanila, kamukha ngayon, nais nilang makakita ng dakilang mamumuno. "Oh, heto po si Doktor Ph. *Ganito-at-ganyan*. Nagtapos siya sa Unibersidad ng Hartford." O, "Galing siya sa isang napakalaking kung saanman 'yan na gaya nun." Hindi 'yan ang pagkakakilanlan ng Diyos. Hindi, hindi. Ni wala ngang kinalaman sa bagay na 'yan. Ang Salita ang siyang pagkakakilanlan ng Diyos. Kita n'yo?

¹⁷³ Si Jesus ay hindi isang iskolar, ni hindi Siya saserdote, ni hindi Siya rabi, sa pamantayan ng sanlibutan. Isa siyang lilo, sa tingin ng sanlibutan.

¹⁷⁴ Subalit pinatotohanan ng Diyos ang Kanyang Salita sa pamamagitan Niya, na nagpaging Emmanuel sa Kanya. Iyon nga ang Kanyang pagkakakilanlan. Ngayon, heto nga't, naabot nang eksakto ni Jesus kung ano ang sinabi ng Diyos sa iba't ibang panahon na gaganapin Niya, sa pamamagitan ni Moises, kung anong gaganapin Niya.

¹⁷⁵ Ngayon masdan n'yo noong makatagpo Niya si Pedro, gaya nung isinalarawan natin dito nung isang gabi, noong Kanyang makatagpo si Pedro at sabihin kay Pedro kung anong pangalan niya. Ipinakilala nung tandang 'yun ang mga pag-aangkin Niya bilang Mesiyas, kay Pedro, dahil ang sinabi nga dun ng Salita, "Palilitawin ng Panginoon mong Diyos ang isang Propeta."

¹⁷⁶ At lumapit nga si Pedro, na Simon pa ang pangalan noon, lumapit sa kinaroroonan Niya. At tiningnan siya ni Jesus, at sabi, "Ang pangalan mo ay Simon, at ikaw ay anak ni Jonas." Ipinakilala nun mismo ang katangian ni Cristo na 'yun 'yung Salitang 'yun na ipinangako noon ni Moises. Nakilala ni Pedro na 'yung tandang 'yun ang nagpapakilala kay Jesus bilang ang Mesiyas. "Ang Diyos ay naroon kay Cristo," ang pahid para sa huling mga araw. Kay Natanael. . .Tandaan n'yo, sinabi Niya kay Simon ang pangalan niya.

¹⁷⁷ Ngayon, masdan n'yo, kay Natanael naman ay sinabi Niya 'yung mismong ginawa nito. "Nasa ilalim ka ng punongkahoy noong makita Kita." Pagpapakilala 'yun na Siya ang Mesiyas.

¹⁷⁸ Sabi, "Ikaw ang Anak ng Diyos. Ikaw ang Hari ng Israel." Nakilala Siya sa pamamagitan ng katangian ng ipinangakong Salita na Siya talaga ang Mesiyas. "Palilitawin ng Panginoon mong Diyos ang isang Propeta."

¹⁷⁹ Yung munting babae sa may balon, Kanyang sinaysay sa kanya kung ano siya, at napagkilala Siya roon bilang yaong ipinangakong Mesiyas na 'yun. Kita n'yo?

¹⁸⁰ Ang katangian Niya, ang Kanyang mga katangian, ay yaong Salita na nakikilala. Haya't ang Kanyang mga katangian ay

nagpapakita na ang Salita ay Diyos, kaya ang Diyos 'yun mismo na nakikilala kay Cristo. Ngayon masdan po. Pansinin.

¹⁸¹ Kay Pedro, napagkilala Siya kay Pedro sa pamamagitan ng pagtawag sa pangalan niya. Napagkilala naman Siya dun kay Natanael sa pamamagitan ng pagsaysay sa kanya kung anong ginawa niya. Napagkilala Siya nung babae, sa pamamagitan ng pagsaysay sa kanya kung ano siya. Kung anong. . . kung sino *siya*; kung anong ginawa *niya*; at kung anong klaseng babae *siya*. Ipinakilala Niya ang katangian Niya ng pagiging Mesiyas, na 'yun nga ang katangian ng magiging Mesiyas.

¹⁸² Tingnan n'yo nga 'yung munting babaing 'yun na ganoong-ganoon din ang sinabi. "Ginoo, napaghahalata kong Ikaw ay isang propeta. Hindi kami nagkaroon ng isang propeta sa loob ng daan-daang taon. Marami kami ritong mga iglesya, napaka raming bangayan at denominasyonal na pagkakaiba-iba, pero wala kaming propeta sa loob ng daan-daang taon. Nalalaman nga namin na sa pagparito ng Mesiyas, ganito 'yung magiging pagkakakilanlan sa Kanya."

¹⁸³ Ang sabi Niya, "Ako nga Siya, na nagsasalita sa iyo." Di 'yan masasabing walang katiyakan, "Ako nga Siya." Sa ganoon Siya napagkilala.

¹⁸⁴ Yung babae naman na inaagasan ng dugo, napagkilala niya na Siya yaong Salita. Paano? Sa pamamagitan nung ginawa Niya noong mahipo Siya ng pananampalataya nung babae. Bumaling Siya't nagsabi, "Sino ang humipo sa Akin?" Nalaman nga Niyang may bagay na nangyari. Sa ganoon napagkilala si Jesus bilang yaong Mesiyas.

¹⁸⁵ Sinampalatayanan 'yun ng babae, at ang sabi niya, "Kung mahipo ko lang ang Kanyang damit, ako'y gagaling."

¹⁸⁶ Kaya naman pagkahipo na pagkahipo nung babae, Siya nga'y napabaling, sabi, "Ngayon sino ang humipo sa Akin?" At itinanggi 'yun nung lahat ng mga naroon. Pero 'yung katangian nga Niya ng pagiging Mesiyas. . .

¹⁸⁷ Amen! Umaasa akong nakita n'yo yan, ng kongregasyon. Pakinggan n'yo po, habang papatapos na tayo.

¹⁸⁸ Haya't hinipo Siya nung babae. May daan-daan, marahil dun, ang sumusubok na mahipo Siya. Sinaway pa nga Siya ni Pedro, sabi, "Buweno, lahat naman sila'y hinihipo Ka."

¹⁸⁹ Sabi Niya, "Oo, pero may humipo sa Akin na kaiba." May kakaiba talaga, dun sa paghipo na may pananampalataya. Kita n'yo? Sabi, "May humipo sa Akin. Kakaibang paghipo. Bigla akong nanghina. May lumabas na lakas sa Akin. May lumabas na bisa sa Akin." Ngayon, hayan nga Siya't nakatayo roon.

¹⁹⁰ Ngayon, maging 'yung Mismo Niyang alagad ang nagsasabi, na kung sa ibang salita, "Para Ka naman n'yang-n'yang Isang delingkuwente. Aba, ang daming tao, lahat Sila nahihipo Ka."

¹⁹¹ Masdan n'yo po ang Kanyang, masdan n'yo ang Kanyang pagkakakilanlan ngayon. Bumaling Siya, tumanaw lang dun sa madla. Itinuro Niya 'yung babae sa karamihang naroon. Hindi na maikubli nung babae ang sarili niya. Sinabi Niya sa babae ang kalagayan nito, at nagsabi, "Pinagaling siya ng kanyang pananampalataya."

¹⁹² Nabatid nung babae, sa pamamagitan nun, na, dun sa Mga Hebreo 4:12, "Nakikilala ng Salita ang mga pag-iisip, ang mga haka ng puso." Ipinakilala Siya ng Kanyang katangian bilang "ang Salita ng Diyos na nagkatawang-tao at tumatahan sa gitna natin." Amen.

¹⁹³ Sa palagay ko'y ipinakilala Siya sa ganoon ding paraan sa mismong gabing ito ngayon, ang Jesus Cristo na nabuhay na mag-uli'y narito mismo't buhay sa kalagitnaan natin ngayong gabi, na siyang kahapon, ngayon, at magpakailanman. Ngayon, kung paanong ang Mga Hebreo 13:8 ay totoo, ang Kanyang katangian nga ang magiging pagkakakilanlan Niya sa panahon ngayon, katulad na pagkakakilanlan 'yun noong una, magiging katulad na kaparaanan nga.

¹⁹⁴ Tingnan n'yo nga roon si Cleopas at sila, pagkatapos nung pagkabuhay na mag-uli. Ipinakilala ni Jesus ang Sarili Niya sa paraan nung pagpuputol-putol Niya nung tinapay roon, na katulad na katulad dun sa ginawa Niya bago Siya naipako sa krus. At kanilang . . . Sa ganoon nakilala ang katangian Niya, 'pagkat 'yun na 'yun ang kaparaanan Niya ng paggawa nun.

¹⁹⁵ Ngayon kung naririto nga Siya ngayong gabi, papaano Niya ipakilala ang Kanyang Sarili? Katulad nga ng pagpapakilala Niya sa nakaraan, dahil ganoon pa rin Siya ngayon, at maging magpakailanman. Ganoon ang pagkakakilanlan. Mga Hebreo 4, disi- . . . 14 at 15, "Siya ngayon. . ." Sabi, "Siya ang Dakilang Saserdote na nahahabag sa ating mga kahinaan." Siya ang Dakila nating Saserdote sa mga oras na ito mismo. Matapos ang Kanyang pagkabuhay na mag-uli, matapos ang Kanyang kamatayan, matapos ang Kanyang pagkalibing, matapos ang Kanyang pagkabuhay na mag-uli, matapos ang Kanyang pag-akyat, amen, Siya'y siya pa ri't nanatili kahapon, ngayon, at magpakailanman, isang Dakilang Saserdote na nahahabag sa ating mga kahinaan. Amen. Siya'y ganyan, sa mga oras na ito mismo, sa bawat lalaki't babaing narito na sasampalataya rito. Siya ang ating Dakilang Saserdote, siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.

¹⁹⁶ Buhay Siya kailanpaman. Sinasampalatayanan n'yo ba ito? [Sinabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Ang Kanyang mga katangian ay patuloy na ipinakilala Siya na di Siya iba sa kung paano Siya namuhay noon sa lupa. Siya'y nabubuhay pa rin mapasa hanggang ngayon, sa gabing ito, sa anyo ng Espiritu Santo. Buhay Siya kailanpaman. At lumalaki sa Kanya ang

Kanyang mga katangian, gaya noong una mapasa hanggang ngayon sa tuwina, tuluy-tuloy Siyang nabubuhay.

¹⁹⁷ Ang laking pasasalamat ko, ngayong gabi, na, “Ang Diyos, sa iba’t ibang panahon at sa iba’t ibang paraan ay nagsalita sa ating mga magulang sa pamamagitan ng mga propeta, sa mga huling araw na ito sa pamamagitan ng Kanyang Anak na si Jesus Cristo.”

¹⁹⁸ Naku, di ko namalayan na ganoon na palang kahaba ako nangungusap. Nakalingat po ako. Pasensya na po. Dito na po ako . . . Dito na po ako magtatapos.

Manalangin tayo.

¹⁹⁹ Makalangit na Ama, dakila’t mahabaging Diyos! Panginoon, ako—ako . . . marahil ay masyadong napahaba ako sa pagsasalita. Dalangin ko po, Diyos, na gayunpaman, ay Iyo pong patawarin ako. Subalit, Panginoon, hindi ako maaaring humingi ng tawad sa mga bagay na ipinangusap ko. Akin po lamang kasing ipinangungusap kung ano ang ipinangungusap Mo sa Iyong Salita rito.

²⁰⁰ Ngayon kahit isang sambit lamang o dalawa mula sa Iyo, Panginoon, marahil ang bawat isa rito’y makikita ’yun ngayong gabi. Ang mga aba ritong, maysakit ay magsisigaling kapag nasaksihan nilang Ikaw pa rin ang nananatili naming dakilang Punong Saserdote. Dalangin ko, Panginoon, na sa susunod na ilang mga minuto, ay Iyo pong buhayang muli ang Mensaheng ito na maging realidad nga. Gaya po ng binabanggit ko na sa pamamagitan nung Salita, ay nawa’y ang Iyong katangian ay mapagkilala sa kalagitnaan namin, ngayong gabi, na Ikaw ay siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman, dahil sa Pangalan ni Jesus ay amin itong hinihiling. Amen.

²⁰¹ Kaunting sandali na lamang po. Tayo, Ako—ako’y atrasado na nang kaunti, pero maaari po bang makapagtiis pa kayo nang kahit kaunti para makapagpapila pa tayo para sa pananalangin nang kahit kinse, beinte minutos? Kung mamarapatin n’yo, itaas n’yo ang inyong kamay, sabihin, “Kami . . .” Sige, salamat—salamat sa inyo. Ipinangako kong palalabasin ko kayo ng alas nuebe y media. Sa oras ngayon; dalawampung pang minuto bago sumapit ’yun. Kaya kung mabibigyan n’yo lamang ako ng kahit sampung minuto, bibilisan ko na po ito.

²⁰² Sige tingnan natin, anong mga prayer card ang ipinamigay nila ngayon? [Sinabi ng isang kapatid na lalaki, “O.”—Pat.] O? Ano, saan ba tayo nagsimula noong isang gabi, bilang isa, bilang isa ba? [“Sa palagay ko’y bilang isa nga.”] Oo, uh-huh.

²⁰³ At hayan nga po, kagabi, nung tayo’y . . . ang Espiritu Santo . . . Pinakikinggan ko ’yun ngayong araw, at inuulit ko kung ano ’yung sinabi. May ilang mga pangalang Pranses dun, na aking . . . Ang Espiritu Santo; ang tanging magagawa ko lang po, ay maghintay lang at tingnan.

204 Kita n'yo, kung minsan kapag makakakita ka ng pangitain, kinakailangan muna 'yung ikutin at isalin. May paliwanag. Sa isang pangitain, halimbawa ika'y—ika'y makakakita dun ng—ng tupa, maaari ngang ang ibig pakahulugan nun ay lana. Kita n'yo, kinakailangan n'yo rin nung pagsasalin nun, kita n'yo, at ikutin ang pangitaing 'yun at isalin.

205 At napansin ko nga kagabi, na di ko—di ko mabigkas 'yung mga pangalang Pranses na 'yun, kaya kinailangan ko pang baybayin 'yun.

206 Sa Aprika at doon sa mga Hottentot at mga pagano roon, at kagaya nun, binabaybay nga Nito nang malinaw ang kanilang pangalan, sasabihin sa kanila kung sino sila, babaybayin 'yun nang malinaw sa kanilang wika. Kanilang, malalaman pa lang nila kung ano 'yun, pagkatapos mong mabaybay 'yun mismo. Pero, kita n'yo, pero alam Niya ang lahat ng mga wika. Siya ay Diyos na Walang Hanggan.

207 Sige't magsimula tayo ngayong gabi mula dun sa, siguro sa, bilang na pitumpu't lima, hanggang sa bilang isang daan, sa O. Sa O nga ba, 'yun ba ang sinabi niya? Ako... [Sinasaki ng isang kapatid na lalaki, "Oo. O."—Pat.] O, O. Tama. Sige. Sino po ang may hawak ng prayer card bilang pitumpu't lima, patingin po? Sa O, prayer card O, bilang pitumpu't lima, itaas mo lang ang iyong kamay, kung sino ka man. Mga O. Sige. Pumarito ka. Pitumpu't lima, walumpu, walumpu't lima, siyamnapu, siyamnapu't lima, isang daan, halikayo sa gawi rito kung mamarapatin n'yo. Sige, dito, pumila kayo sa dako rito, nang mabilis, dahil wala na po tayong oras. Magtitiwala po akong gagawin n'yo ito.

208 Tingnan n'yo ang mga prayer card n'yo. Tingnan n'yo ang prayer card ng katabi n'yo. Kung anong. . . At kung mayroon po riyang di makalakad, dalhin n'yo lamang po sila rito sa pila para sa pananalangin. Kaya kung ang nasa kanila'y O, 'yun po bang O, bilang pitumpu't- . . .

209 Bilang pitumpu't lima hanggang isang daan, pumila kayo sa banda rito, kung mamarapatin n'yo. Saanman kayo naroon, sa mga balkonahe, saan pa man, pumarito kayo, at pumunta na po kayo sa pila nang madali sa abot ng makakaya n'yo, kung mamarapatin n'yo, para makatipid sa oras.

210 Ngayon sa iba pa rito sa inyo, na wala mang prayer card, maaari n'yo bang itaas ang inyong mga kamay at sabihin, "Wala man akong prayer card, Kapatid na Branham, pero ako'y nananampalataya"? Itaas n'yo ang inyong mga kamay.

211 Ngayon tandaan, mangungusap po ako sa inyo patungkol sa Dakilang Saserdote. "Siya ay Dakilang Saserdoteng nahahabag sa ating mga kahinaan." Siya ay *Jehovah-Jireh*, "ang inilaang hain ng Panginoon." Siya ay *Jehovah-Rapha*, "Ang Panginoon na nagpapagaling ng lahat ng inyong

karamdaman.” Kayo ba’y nananampalataya rito? [Sinasiabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Siya ay *Jehovah-Manasseh. Kalasag, pananggalang, ang ating kapayapaan*, Siya nga mapasa hanggang ngayon. Buweno, ilan dito ang naniniwalang ang lahat ng mga pangalang ’yan ng pagtutubos ni Jehovah ay umuukol kay Jesus? [“Amen.”] Tunay, Siya ngang tunay talaga. Kung Siya—kung Siya . . .Aba, hindi mo nga sila mapaghihiwalay, kaya Siya ngang talaga ang lahat ng mga ’yun. At kung Siya mapasa hanggang ngayon ay Jehovah-Jireh, Siya’y Jehovah-Rapha. Kung Siya’y Jehovah-Jireh . . .Siya’y *Jehovah-Jireh*, ang “inilaang hain ng Panginoon para sa pagliligtas,” ibig sabihin Siya nga’y *Jehovah-Rapha* na “nagpapagaling ng lahat ng ating mga karamdaman.” Amen. Ang kagalingan ay nagmumula lamang sa Diyos.

²¹² Sige po, habang pumupunta na sa pila ang mga tao; wala na po akong masyadong oras para tingnan kung sino sila at kung ano sila. Pero ngayon, sa lahat po ng nariyan na alam nilang di ko kayo kakilala, itaas n’yo ang inyong kamay, sabihin, “May kailangan ako sa Diyos. Pero di mo ako kakilala, Kapatid na Branham, pero may kailangan ako sa Diyos. Itataas ko lamang ang kamay ko.”

²¹³ Ngayon kung pipirmi lamang kayo nang ilang mga minuto, magmasid, maging mapagmatyag, tumahimik. Ngayon hindi ko ibig sabihin, na kapag sinasabi ko pong, “tumahimik,” . . .Dahil kung kikilos nga ang Panginoon, tapos may pagnanais kayong purihin ang Panginoon; pagsamba po ang tawag dun. Pero ang ibig ko pong sabihin, “paroo’t parito kayo, patayo-tayo,” alam n’yo, nawawala ang pagkataimtim kapag ganyan. Kita n’yo? At ang Espiritu Santo ay napaka sensitibo, napaka sensitibo. Kita n’yo? Kapag may ganoon po kasing nakakagambala, nawawala ’yun sa akin, at kinakailangan ko na namang makipagbaka, uli, kita n’yo. Pero kung makikinig po kayo!

²¹⁴ Naaalala n’yo pa ba ’yung una Niyang pangako? “Sikapin mong mapaniwala mo sa iyo ang mga tao, at pagkatapos ay maging matapat ka, walang kahit ano na makatatayo sa harap ng pananalangin.” Naaalala n’yo pa po ba ’yun? [Sinasiabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Siyanga. At ’yun ay . . .hindi ko pa ’yun nakikitang mabigo, at hindi talaga ito mabibigo. Ang Diyos kasi Ito.

²¹⁵ Ngayon bibilisan na natin ang pila para sa pananalangin, para marami tayong maipanalangin, alang-alang sa mga tao. Pero kayo na may mga prayer card at hindi natawag ngayong gabi, hawakan n’yo lang ang inyong card, maipapanalangin din namin kayo. Sige.

²¹⁶ Ngayon sa inyo naman na walang mga prayer card, tandaan n’yo. O, kayo riyan, mayroon man o wala kayong prayer card, manampalataya lamang na Siya’y gaya sa ika-4 na kabanata ng

Mga Hebreo rito. “Siya’y Dakilang Saserdote na nahahabag sa ating mga kahinaan.” Makikita n’yong nananatiling ganoon pa rin Siya. . . Makikita n’yong ipinakikilala ni Jehovah ang Sarili Niya sa gitna ng Kanyang bayan, katulad ng ginawa Niya noon sa panahon ng Sodoma. Sige.

217 Sige, ginoo. Ngayon manalangin na tayo, ngayon, maging taimtim na taimtim po tayo. Ngayon tandaan n’yo, isang salita lang mula sa Diyos ay higit sa kahit anong salita ng sinuman. Ngayon, ang lalaking ito rito, di ko—di ko siya kilala. At sa palagay ko nga siya’y. . . Hindi kita kilala, siyanga ba, ginoo? [Sinasiabi ng kapatid na lalaki, “Oo.”—Pat.] Di kita kilala. Alam natin ang isang bagay, na kapwa tayo tatayo dun sa Presensya ng Diyos balang araw; bilang tao, magkikita tayo Roon. Ito ang una nating pagkikita.

218 Ngayon pumunta ka rito marahil, siguro may sakit ka, di ko alam; maaaring may ibang kadahilanan, kita mo. Haya’t kung—kung papatungan kita ng mga kamay, sasabihin ko, “Purihin ang Panginoon! Humayo ka, maging magaling ka na.” Mabuti nga ’yun. Masasampalatayanan mo ’yun. Pero papaano naman kung sasaysayin Niya sa iyo kung ano ’yang problema sa iyo? Ngayon, kita mo, iba ’yun, sa ganoon nga’y makakatiyak ka’t pagpapakilala kasi ’yun ng Kanyang katangian. Kita mo, hindi ko na ’yun katangian. Isa lang akong tao; di ko malalaman ang kahit anong tungkol sa lalaking ito. Kasasabi ko lang sa lalaki, “Hindi kita kilala.” Hindi rin niya ako kilala. Pero ano ngang gagawin nun? Ipakikila nun ang katangian ni Jesus Cristo na siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. May kabatirang hindi maaaring ako ’yun, hindi maaaring ako, dahil di ko nga kilala ang lalaki. Itataas ko ang aking kamay; *narito* ang Salita. Kita n’yo? Hindi ko siya kilala. Hindi rin niya ako kilala. Pero ang katangian ni Jesus Cristo. . .

219 Kung tatayo rito si Jesus, at ang lalaki, ay may sakit, kung sasabihin ng lalaki, “Panginoong Jesus, pagalingin Mo po ako,” anong sasabihin ni Jesus sa kanya? “Ginawa Ko na.” Tama nga ba? [Sinasiabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.]

220 “Siya’y nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang; sa pamamagitan ng Kanyang mga latay ay nagsigaling tayo.” Ang buong pagtutubos na makakamit natin ay tapos na dun pa man sa Kalbaryo. Mula roon, pananampalataya na, ang kailangan para sampalatayanan ang natapos nang gawa. Tama ba ’yun? [Sinasiabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Sige.

221 Ngayon, ngayon yamang si Jesus ay buhay, at nangusap ako patungkol sa Salita Niya. . . Hayan nga, manunumbalik talaga sa kasimplehan at pananampalataya, pagsampalataya sa Salita Niya. Noong katagpuin Niya ako noong gabing ’yun, ang sabi Niya, “Mangyayari sa iyo na matatalos mo maging ang mga lihim ng kanilang puso. Hindi man nila paniwalaan ang unang tanda

nung kamay, siguradong paniniwalaan na nila ang isang ito.” Kita n’yo? “Kung hindi pa rin, mangyari ngang susumpain ng dugo ang lupa.”

222 Katulad nung nangyari sa panahon ni Moises. Sabi, “Kung hindi sila maniwala sa dalawang tandang ito, kung gayon ay ibubuhos mo ang dugo sa lupa,” kita n’yo, “ibubuhos ang tubig sa lupa, at magiging dugo ’yun.”

223 Ngayon para magkaalaman na, kung makikita ko nga kung anong problema sa iyo, sapat na ’yun at magbubunsod na ’yun para manampalataya ka, di ba? [Sinasabi ng kapatid na lalaki, “Siyanga.”—Pat.] Malalaman mong katangian talaga ito ng Personang ipinangungusap ko, si Jesus Cristo.

224 Ang lalaking ito, sa pagtingin ko sa kanya, pumapalayo siya. May aninong lumililim sa kanya. Walang kahit anong magagawa ang medisina na makatutulong sa lalaki. Siya’y nasa kondisyong mamamatay na siya. Siyanga. Naoperahan siya, at ang operasyon ay operasyon sa prostate. At kanser ’yun, at kumalat na ’yung kanser na ’yun sa buo mong katawan. Kung tama ’yun, itaas mo ang iyong kamay. Tanging Diyos lang ang makapagpapagaling sa kanya. [Sinasabi ng kapatid na lalaki, “Hallelujah! Hallelujah! Hallelujah!”—Pat.] Pero, tingnan mo, nais kong sabihin sa iyo ang isang bagay, ginoo. Marahil ’yung diyableng ’yun ay natataguan niya ang lanseta ng doktor, pero di niya matataguan ang Diyos. Sinasampalatayanan n’yo ba ’yun? Sinasampalatayanan mo ba ito? [“Oh! Oh!”] Kung gayo’y idinadalangin ko, na, sa Pangalan ni Jesus Cristo, lisanin nawa ng bagay na ito ang lalaking ito, nawa’y mabuhay ang lalaki. Wala na; nanghina na. Sige.

225 Ikaw at ako ay estranghero sa isa’t isa, isang lalaki’t isang babaing dito lang nagtagpo. Ngayon, bilang isang lalaki, hindi kita kilala. At marahil, bilang isang babae, hindi mo ako kilala; siguro’y di na hihigit sa nakita mo lang ang pangalan ko, o litrato, o parang ganoon. Haya’t di nga natin kakilala ang isa’t isa. Yun ang mga katangian natin. Di natin alam ang katangian ng isa’t isa. Subalit ang katangian ni Cristo, Siya ang Salita, at ang Salita ay ipinangako para sa araw na ito. Narinig n’yo nang ipinangusap ko ang tungkol diyan. Kung ganoon ipapakilala Siya ng Kanyang mga katangian mismo sa dakong ito. Hindi ako ang magpapakilala sa Kanya. Di naman kita kilala. Siguro nama’y nauunawaan mo na. Ang ating—ang ating kongregasyon ba’y nauunawaan ito? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Kita n’yo? Isa—isa lang akong tao. Isang kapatid na lalaki lamang n’yo.

226 Katulad nung babae sa may balon, sasabihin ang problema, problema sa iyo, o kung anong hinahangad mo, o kung ano ang dahilan ng pagpunta mo rito. Hayaan mong ang Diyos ang

maging hukom nito. Nagdurusa ka sa sakit na anemia. Tama 'yun, hindi ba? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Oo."—Pat.]

227 Lagi kong—kong nahahagip, na may tao riyang iniisip na hinuhulaan ko lang 'yun. Hindi po ako nanghuhula. Hindi. Sa tuwi-tuwina, nararamdaman ko 'yun, mayroon diyan. Hindi mo maitatago ang mga iniisip mong katulad n'yan ngayon. Ngayon mayroon nga riyon, nalalaman ko, may dalawa ritong nakaupo na matindi talaga ang pagdududa. Kita n'yo? Kaya ngayon tandaan n'yo maaari kong sambitin ang pangalan n'yo, siyanga, may kakayahan ang Diyos na gawin 'yun, kaya itigil n'yo na ang pag-iisip ng ganyan. Hayaan n'yong ipakita ko sa inyo.

228 Tumingin ka rito, binibini. Tumingin ka sa akin. Hindi ko alam kung anong sinabi Niya sa iyo, pero alam ko—alam ko kung ano Siya. At Kanyang katangian nga 'yan na napakilala. Oo, sakit nga na anemia, dugo, tubig.

229 Ngayon, heto, heto pa ang isang bagay. Tingnan n'yo kung iisipin pa nilang panghuhula pa ito. May isang bata ka na iyong ipinapanalangin, at narito siya. [Sinasabi ng kapatid na babae, "Oo."—Pat.] Tama 'yun. May kung ano, sa lalamunan, ["Oo."], tonsil, adenoid. Nakatakda nang maoperahan. Hindi ba't tama 'yun? ["Oo."] Dalhin mo ang panyong 'yan at ipatong 'yan sa bata, at manampalataya ka. ["Oo."] Huwag kang magduda. Di na nito kailangan pang maoperahan. Ngayon manampalataya ka na nang buong puso mo.

230 Kumusta po? Ang mayroon naman, sa babaing ito rito, may kinakatakutan kang isang bagay. Kinakatakutan mo na 'yung balat mo'y naging kanser na. Uh-huh, uh-huh. Ngayon humayo ka na, sumampalataya ka, at hindi na 'yan mauuwi sa ganoon. Humayo ka lamang, na sumasampalataya nang buong puso mo. Mga katangian, hindi akin; kundi Kanya!

231 Sumasampalataya na ba kayo ngayon? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Magbubunsod nga ito na talaga namang manampalataya ang lahat. ["Amen!"]

232 Ngayon, hindi kita kilala. Estranghero ako sa iyo. Ang Diyos kilala ka. Sinasampalatayanan mo ba 'yun? Alam mong hindi kita kilala, at alam mong hindi mo rin ako kilala, kaya nananampalataya ka bang ang Espiritung ito na nangungusap ay hindi maaaring 'yung espiritu ko? Dahil sa, ako, bilang isang tao, hindi kita kilala. Pero ang katangian nitong ipinangakong Salita ay ang Salita na matalas pa kaysa sa tabak na magkabila ang talim, at kumikilala sa mga pag-iisip at mga haka ng puso.

233 Malubha ang sakit mo. May pambabaing sakit ka, diyan sa sinapupunan mo, at nagkakanser ang sinapupunan mo. At nagpunta ka nga't sumailalim ka sa isang uri ng panggagamot, radium na panggagamot, at ang kaso nga lang ay pinalala lang nito't ikinalat lang nun ang sakit. At ika'y—ika'y mamamatay kung di ka pagagalangin ng Diyos. Totoo. Sumasampalataya ka

ba ngayon na pagagalingin ka Niya? [Sinasabi ng kapatid na babae, “Oo.”—Pat.] Nawa’y sawayin ng Diyos ng Langit ang diyablong ’yan na nagtago sa mga doktor. [“Oh!”] Nakapagtago man siya sa radium, pero hindi sa Banal na Espiritu. Humayo ka, sumampalataya ka sa Kanya, ngayon, kapatid. Huwag ka nang magdududa pa, kundi manampalataya ka.

²³⁴ Sumasampalataya ka ba na kayang pagalingin ng Diyos ang sakit na hikang ’yan, at pabutihin ang pakiramdam mo? [Sinasabi ng kapatid na lalaki, “Oo.”—Pat.] Ikaw ba’y sumasampalataya na? Kung gayon ay humayo ka na, nang may kagalakan, na nagsasabi, “Salamat po sa Iyo, Panginoon. Nananampalataya akong wala na ang hika ko.”

²³⁵ Kumusta po? May nerbiyos ka. Matagal na ’yang nerbiyos mo. Diyan nga’y, nagkaroon ka tuloy ng ulcer sa iyong tiyan, na nagdudulot sa iyo—sa iyo ng sakit sa tiyan. At gusto mong . . . Gusto mong makakain na ng iyong hapunan? Malugod mo bang tatanggapin ang sasabihin ko sa iyo na gawin mo? Humayo ka, kumain ka, sa Pangalan ng Panginoong Jesus.

²³⁶ Sumasampalataya ka ba nang buong puso mo? [Sinasabi ng kapatid na babae, “Sumasampalataya ako.”—Pat.] Ikaw nga’y napaka-maiging kabataang babae, tila бага. Pinaniniwalaan mo bang ako’y lingkod Niya? [“Amen.”] Sumasampalataya ka bang ang Kanyang katangian ay narito, rin . . . ang Salita, Mismo, at ang pangako para sa panahong ito, “Ang mga gawa na Aking ginagawa ay gagawin din naman ninyo?” [“Amen.”] Hindi ko kayang magpagaling. Siya mismo ang gumawa na noon pa man; pero ngayon ipakikilala Siya ng Kanyang katangian, masasabi kung anong problema sa iyo. Mayroon kang pambabaing sakit, sakit ng kababaihan. [“Siyanga, ginoo.”] Nananampalataya ka bang pinagagaling na ’yan ng Diyos ngayon? [“Opo. Amen.”] Humayo ka na, hindi ka na nito gagambalain pa kahit kailan. Manampalataya ka nang buong puso mo.

²³⁷ Pinaniniwalaan mo bang lingkod Niya ako? [Sinasabi ng kapatid na babae, “Opo, ginoo.”—Pat.] Kung sasabihin ng Diyos sa akin kung anong sakit mo, sasampalatayanan mo bang katangian ito ni Jesus Cristo? Ang likod mo nga. Wala na ang sakit. Humayo ka, manampalataya ka nang buong puso mo. Sumampalataya ka.

²³⁸ Halika, binibini. May sakit ka rin sa tiyan. Manampalataya ka nang buong puso mo, at kumain ka na ng iyong hapunan. Kalimutan mo na ang tungkol diyan. Pinagaling ka na ni Jesus Cristo.

²³⁹ Halika. Ang sakit mo ay sa dugo mo. May diabetes ka. Nananampalataya ka bang paiigihin ng Diyos ang kalagayan mo’t pagagalingin ka sa bagay na ’yan? Humayo ka na, at sabihin, “Salamat, Panginoong Jesus,” pinagaling ka na. Humayo ka, manampalataya ka nang buong puso mo.

240 Halika. Ang likod mo, sumasampalataya ka bang ang Diyos ay pagagalangin 'yang likod mo't paiigihin ang kalagayan mo? Humayo ka na, at magalak, at sabihin, "Salamat, Panginoong Jesus."

241 May masakit ka rin sa iyong likod. Magpatuloy ka lamang sa paglakad, na nagsasabi, "Salamat po, Panginoon. Magaling na ako." Sampalatayanan mo ito nang buong puso mo.

242 Ikaw rin ay may sakit sa likod. Tingnan mo nga naman? Manampalataya ka nang buong puso mo ngayon, at humayo ka sa iyong landas at maging magaling na. Manampalataya kang pinagaling ka na ni Jesus Cristo. "Makasasampalataya ka baga, na ang lahat ng bagay ay maipangyayari." Sige.

243 Ano kaya kung wala akong sasambitin na anuman sa inyo; basta dadaan lang ako't papatungan lang siya ng mga kamay, makasasampalataya ba kayong gagaling siya? Nakikita nila kung anong problema. Sumasampalataya ba kayong gagaling nga siya? Halika rito. Sinasaway ko ang diyablong ito, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Nawa'y ang kapangyarihan ng Diyos ay pagalangin ang batang ito. Amen. Huwag mag-alinlangan, huwag mag-alinlangan ni katiting, at siya'y gagaling. Kayo nga'y sumampalataya nang buong puso n'yo.

244 Kung di ka pagagalangin ng Diyos, darating ang araw na magsasaklay ka na, dahil sa arthritis na 'yan. Nanampalataya ka bang pinagaling na ng Diyos ang iyong arthritis? Kung gayon ay humayo ka na, sabihin mo, "Salamat po, Panginoon. Ako'y sumasampalataya sa Iyo, at Iyong pinagaling na ako." Sige.

245 Halika po. Dala na rin 'yan ng edad mo. Malubha ang nerbiyos mo. Ninenerbiyos ka nang husto, kapag gabing-gabi na. Kapag nagtratabaho ka't lahat na, talagang ninenerbiyos ka nang husto. Makasasampalataya ka ba ngayon? Hindi ka na nito gagambalain pa kung gayon. Humayo ka na, na sinasabi, "Salamat, Panginoong Jesus."

246 Halika, ginoo. Nanampalataya ka bang nagpapagaling ang Diyos ng sakit sa puso? [Sinasabi ng kapatid na lalaki, "Oo."—Pat.] Pagagalangin ang iyong puso? Magpatuloy ka lang sa paglakad, na sinasabi, "Salamat, Panginoon. Ako nga'y sumasampalataya nang buong puso ko."

247 Nagpapagaling ang Diyos ng TB, at nagpapaigi, rin naman. Sinasampalatayanan mo ba 'yun, ginoo, nang buong puso mo? [Sinasabi ng kapatid na lalaki, "Sinampalatayanan ko po."—Pat.] Sige. Humayo ka na, sabihin mo, "Salamat po, Panginoong Jesus."

248 Kayo naman diyan sa banda riyon, sumasampalataya po ba kayo? Yung mga nakaupo po riyon? Ilan nga sa inyo na mga nakaupo riyon ay sumasampalataya na ngayon.

²⁴⁹ Itong lalaki rito na nakaupo rito, na may brongkitis, ikaw ba’y sumasampalataya na pagagalingin ka ng Diyos mula sa sakit mong ’yan na brongkitis? Sige, mapapasaiyo ang hiling mo, kung ganoon. Amen.

²⁵⁰ Mataas ang presyon ng dugo mo, ikaw po na nakaupo riyang sa likod nung lalaki. Sumasampalataya ka ba na pagagalingin ng Diyos ang mataas na presyon ng dugo mo? Nilisan ka na nito, ginoo. Hindi ko siya kilala, di ko pa siya nakita sa tanang buhay ko.

²⁵¹ Kayo po, ginoo, naniniwala ka bang ang pangngirot ng mga kalamnan mo, pangngirot ng kalamnan dahil sa nerbiyos, sumasampalataya ka bang pagagalingin ito ng Diyos? Siyanga? Itaas mo ang iyong kamay kung sumasampalataya ka. Sige.

²⁵² Ang maybahay mong nakaupo riyang, ginagambala siya ng sakit niya sa sinus. Sumasampalataya ka bang nilisan ka na rin nito, naman, kapatid na babae?

²⁵³ Ang binibini pong nakaupo mismo sa likod namin diyan, may neuritis siya. Nananampalataya ka bang pagagalingin ng Diyos ang neuritis mo, binibini?

²⁵⁴ Narito rin ang isang binibining naka-balabal, naka-balabal nang pula, dito. Nakaupo siya sa banda riyang. May sakit siya sa sinus, din. Sumasampalataya ka bang pagagalingin ng Diyos ang sakit mo sa sinus? Itaas mo ang iyong kamay, kung ikaw nga’y sumasampalataya rito.

²⁵⁵ Lahat po ng sinumang narito na nananampalatayang ang mga katangian ni Jesus Cristo ay nasa kalagitnaan natin, sa gabing ito, itaas n’yo ang inyong kamay, sabihin, “Akin itong sinasampalatayanan.” [Nagagalak ang kongregasyon at nagsasabi, “Akin itong sinasampalatayanan!”—Pat.]

²⁵⁶ Ang lahat ng narito, na tinatanggap Siya bilang inyong tagapagpagaling, magsitayo kayo, at sabihin n’yo, “Akin itong sinasampalatayanan.” Magsitayo kayo. Tumayo kayo, mula sa inyong mga kinauupuan, anuman. Si Jesus Cristo ay siya rin kahapon, ngayon, at magpakailanman. Ibinibigay ko Siya sa inyo, sa Pangalan ng Panginoong Diyos.



IPINAKIKILALA NG DIYOS ANG KANYANG SARILI
SA PAMAMAGITAN NG KANYANG MGA KATANGIAN TAG64-0320
(God Identifying Himself By His Characteristics)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Biyernes ng gabi, Marso 20, 1964, sa Denham Springs High School sa Denham Springs, Louisiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2017 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org